


# *DEMONOLOHIYA,*

## *RELIHIYON NA KALAGAYAN*

 Iniisip ko kung ilan kaya ang nakakaalam ng munting awitin na ito, habang binabati ko kayo sa pinaka mainit na Cristianong pakikisama at pag-ibig ni Cristo ngayong araw, ilan ang nakakaalam ng munting awitin na ito, “He Careth For Thee”? Alam n’yo ba? Buweno, sige’t tingnan natin kung magagawa natin. Alam mo ba kapatid na babae? Alam mo? Ngayon:

He careth for you,  
He careth for you;  
Through sunshine or shadow,  
He careth for you.

Oh, ang inam n’yan. Sige’t ulitin natin ngayon.

He careth for you,  
He careth for you;  
Through sunshine or shadow,  
He careth for you.

[Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

<sup>2</sup> Makalangit naming Ama, dalangin namin sa Iyo na Ikaw nga’y tunay na may malasakit para sa amin at inihayag ang Iyong pag-ibig sa amin, na Iyo ngang ipinadala ang Iyong Sariling sinisintang Anak, sa . . . ang walang salang Anak ng Diyos, para humalili sa dako ng mga may salang makasalanan. Ganoon na lamang po kaming nagpapasalamat sa Iyo, na Ikaw nga’y tunay na may malasakit para sa amin at kami’y inaalala, na ginawa ito! At kami’y lubos-lubos ang pasasalamat, Panginoon. Nagagalak kami na nagkatipon-tipon kami rito sa hapon na ito, sa ilalim ng mga kulandong ng langit, at humihiling ng Iyong mga pagpapala para sa gawaing ito. Iyo pong ipagkaloob, Ama, sa bawat lalaki, babae, kabataang lalaki o kabataang babae na narito, nawa’y pag-aralan namin nang malalim ngayon ang Mga Kasulatan. Kumakaharap po kami sa isang mundo na kontrolado ni Satanas. At, Ama, dalangin namin, habang pinag-aaralan namin ang tungkol sa mga kapangyarihan ng mga demonyo at kung ano ang ginagawa ng mga ito sa mga tao, ay Iyo ngang pagkalooban kami ng dakilang pananampalataya, at nawa maraming dakilang mga tanda’t mga kababalaghan ang magawa. Sapagkat, hinihiling namin ito sa Pangalan ni Cristo at para sa kaluwalhatian ng Diyos. Amen.

<sup>3</sup> Ating, pag-aaralan sa hapong ito, na dadako tayo agad, sa palagay ko, mga labinlimang minuto mas maaga. Nandito pa rin sa paksang *Demonolohiya*.

<sup>4</sup> At ngayon nakatanggap ako ng pabatid, kanina; Kapatid na Beeler, mula sa mga kaibigan ko. At magpapasimula ako sa Aprika, sa kalagitnaan ng Hulyo. Hayan nga na naayos din, naiskedyul na namin ito ngayon. At di makakapunta si Kapatid na Baxter sa iskedyul na 'yan, kaya ako lang mag-isa ang pupunta sa Aprika. Hayan po na ang pagpunta roon. . . nawa nga. . . Ipanalangin n'yo talaga ako ngayon, na tulungan ako ng Panginoon, dahil kakailanganin ko 'yun ngayon, sa dako roon sa gitna ng mga. . . Nasa dalawandaang libong katao ang inaasahan ko na naroon sa pagtitipon na 'yun.

<sup>5</sup> At may pangitain po ako na naisulat dito. Nais kong makakuha kayo ng kapakinabangan mula rito. Nangyari ito noong Disyembre. Nasa isang silid ako isang umaga noong dumating ang Anghel ng Panginoon. Ako. . . Nakita n'yo, noong naroon ako, sumuway ako sa Diyos, at kaya nagka-ameba ako. Alam nga—alam nga ninuman kung ano ang ameba, isa 'yung parasito na kapag napunta sa. . . halos mapapatay ka. At dahil 'yun sa nakagawa ako ng isang bagay na sinabi sa akin ng Diyos na huwag gawin. Ilan po ang nakarinig na ng kuwento nun? Sa palagay ko marami sa inyo rito. Alam ko na ang mga taga-rito sa tabernakulo'y narinig na ang kuwento tungkol sa kung anong nangyari. Sinabihan ako ng Diyos na magtungo sa isang lugar, at umiwas sa lugar na *ito*, at bumaling sa ibang lugar. At hinayaan ko ang mga mangangaral na makumbinsi ako na huwag gawin 'yun. Ngayon, kalugud-lugod naman ang mga mangangaral, at sila'y mga kapatid ko, pero kailangan n'yong pangahalagahan ang bagay na sinasabi sa iyo ng Diyos. Ganoon nga. Kita n'yo? May ibinigay sa iyo na isang misyon.

<sup>6</sup> Ilan ang nakakaalala nung isang beses na may dalawang propeta sa Biblia? At ang isa sa kanila, sinabi sa kanya ng Panginoon, ang sabi, “Dumako ka sa *isang* lugar na ito. At huwag kang—huwag kang pupunta sa. . . Bumaling ka sa ibang daan na ito,” at kung ano pa. Tapos—tapos ang sabi, “Huwag kang kakain o iinom habang naroon ka.”

<sup>7</sup> At may isang totoong propeta na nakatagpo siya, at ang sabi, “Kinatagpo ako ng Panginoon matapos na katagpuin ka Niya.” Tapos sabi, “Pumaroon ka sa bahay ko.” At nakinig 'yung propeta sa sinabi nung isa, at ikinamatay niya ito. Kita n'yo, dapat n'yo ngang gawin kung ano ang sinasabi sa iyo ng Diyos na gawin kahit na ano pa ang sabi-sabihin ng iba.

<sup>8</sup> Ngayon tayo'y. . . Sa pangitain na ito, Siya. . . Nagising ako nito, ika-labingtatlo noon ng Setyem-. . . o ng Disyembre. At—at habang nakaupo ako sa gilid ng higaan ko, nagmumuni-muni ako kung ano ang hinaharap ko. Ako. . . Noong makabalik ako

rito, naghahanda na silang ipadala ako sa pagamutan para sa peste, dahil kumalat na sa akin 'yung parasito. At sinuri nila ako noong makarating ako sa dakong ito. At, sa biyaya ng Diyos, pinayagan nila akong umuwi na lang, dahil kumalat na talaga. At nanalangin ako, at nagtungo ako sa mga ministro na 'yun, sabi ko, "Sinabi sa akin ng Panginoon na huwag daw ako magtungo sa direksyon na 'yun."

Sabi, "Oh, may iba pa namang kinakausap ang Diyos maliban sa'yo."

<sup>9</sup> Sabi ko, "Si Core'y nagkaroon ng ganyan ding kaisipan isang beses." At kaya, pero nagtungo ako at kumuha ng ilang dahon at inilatag 'yun sa kanilang paanan, tapos sabi ko, "Alalahanin n'yo, sa Pangalan ng Panginoon, kung tutuloy tayo sa pagpunta roon, magiging kabiguan 'yun, at pagbabayaran nating lahat 'yun." At naging kabiguan nga! Oh, naku! Halos ikamatay nga naming lahat. Kaya heto noong bumalik na . . .

<sup>10</sup> Napakarami n'yong dapat labanan sa mga dayuhang bansa na ito. Halimbawa na lang, kapag nakagat ka ng isang munting pulgas, magdudulot 'yun sa inyo na magkaroon ng tick fever. At 'yung munting bagay na 'yun, kapag nakagat kayo, kapag nararamdaman n'yo na mangangati, hindi n'yo puwedeng kamutin 'yun. Tingnan n'yo, kung munting itim na insetko, huwag n'yong bunutin. May maliit na ulo kasi 'yun, na bumabaon sa kalaliman ng balat, pumipihit nga nang *paganito* at ikinakapit ang sarili nang maigi roon. Kaya kung bubunutin mo, mapuputol at maiiwan mo ang ulo nun dun. May virus 'yun, na makapaparalisa sa'yo. Kaya 'yung . . . Huwag n'yong kamutin, o huwag n'yo ring bunutin; kumuha lang kayo ng mantika. At dun sa likod nito ito humihinga. Tuluan n'yo ng mantika, at kusa 'yung matatangal.

<sup>11</sup> Tapos may munting lamok din dun. Hindi nga 'yun maingay. Darating lang sa hangin, tapos biglang [Sinampal ni Kapatid na Branham ang kanyang kamay—Pat.] dadapo sa'yo, ganoon lang, may malaria ka na.

<sup>12</sup> At—at pagkatapos mayroon din dun 'yung tinatawag nilang mamba na ahas. Kapag natuklaw kayo, may halos dalawang minuto ka na lang para mabuhay matapos na matuklaw ka nito.

<sup>13</sup> At mayroon ding dilaw na kobra. Mabubuhay ka lang nang halos labinlimang minuto matapos itong mangagat. At 'yung isa nun ay halos malapit na malapit na noon sa anak kong lalaki, hayan nga na halos mailapat niya ang kamay niya sa ulo nung ahas. Nakatayo na 'yung ahas, handa nang tumuklaw, bago pa kami noon mabakunahan, parang ganoon.

<sup>14</sup> Tapos may itim na kobra rin. Oh, nandun nga ang lahat! At pagkatapos 'yung mabangis na panganib ng mga hayop, siyempre nga, mga leon, tigre, o mga leopardo, at lahat na ng kung anu-anong bagay na dapat labanan, sa gubat. At

pagkatapos ang mga sakit, naroon na ang lahat ng sari-saring sakit.

<sup>15</sup> At kakaharapin mo nga ang lahat ng 'yun sa pagpunta n'yo. Maliban pa dun, hayan nga ang mga mangkukulam na hahamunin ka sa kung anu-ano, kita n'yo, at lahat nitong mga pamahiin at mga bagay-bagay. Pero, ganoon na lamang, na kahanga-hangang bagay na makita ang ating Panginoon na hinahawi ang mga 'yun, sa magkabi-kabila, nang paganoon, pagkatapos uusad na.

At naalala ko ang araw na 'yun, habang nakatayo roon, maayos na maayos, ang mga bagay na pangyayari, sige't ikukuwento ko sa inyo sa susunod na pagtitipon, dahil nais kong makadako sa paksa ko sa hapon na ito, itong *Demonolohiya*.

<sup>16</sup> Pero ngayon, at binubulay ko nga ito, habang nakaupo roon, kung ano ba ang katapusan? At sa pagbabalik ko mula sa ibang bansa, alam ko na may nasa sandaang libong napagbagong-loob tayo habang naroon tayo. At hayan nga na lumapit sa akin si Kapatid na Bosworth. Sabi, sabi ko, "Buweno, Kapatid na Bosworth?"

<sup>17</sup> Sabi niya, "Ipinagmamalaki kita nang lubos, Kapatid na Branham!" Sabi niya, "Nasa—nasa pagsisimula ka pa lang ng buhay," tapos sabi niya.

<sup>18</sup> Sabi ko, "Buweno, sa palagay ko papatapos na." Sabi ko, "Lampas kuwarenta na ako. Sa palagay ko nakibaka ako ng mabuting pakikibaka at natapos ko ang takbuhin."

<sup>19</sup> Sabi niya, "Lampas kuwarenta na?" Sabi, "Ganyan ang edad ko noong mapagbagong-loob ako." Sabi, "Kinakaya ko pa rin naman." Siya nga'y halos malapit nang mag-otsenta. At talagang . . .

Naisip ko, "Buweno, tama nga naman."

<sup>20</sup> Tapos ang sabi niya, "Hindi, sadyang bagong-bagong Branham ka lang ngayon. Sadya ngang alam mo na kung paano pangasiwaan ang iyong mga pagtitipon nang mas mainam, at lahat na." Sabi, "Gaya nga ng kung hahaplitin mo ang Amerika sa tama nitong paraan, sa tamang pagkakatag ng pagtitipon, kung saan makakapagtuluy-tuloy ka nang anim o walong sanlinggo sa isang lugar, at mailalatag mo nang maayos at maiaanunsyo mo sa buong palibot," sabi, "makagagawa ka ng isang bagay, hayan nga, at para sa ating Panginoon." Hayan nga na nagpatuloy kami, tuluy-tuloy lang na gaya nun, kaya napaka—napaka inam nga.

<sup>21</sup> Pagkatapos nang ilang saglit, nakakita ako ng pangitain, nasa Amerika ako nito noon, at dumating 'yun sa akin, at ibinalik ako sa Aprika, at ipinakita nito sa akin ang parehong pagtitipon, nakaupo raw ako roon sa harap ng Durban. At 'yung unang pagtitipon ay napawi sa kasaysayan, sa pag-usad

patungong Kanluran. Naisagawa ang pangalawang pagtitipon at, noong naisagawa na, 'yun nga'y mas malaki pa rin kaysa sa unang pagtitipon. At Siya . . . Nakarinig ako ng isang sigaw, at isang Anghel ang lumitaw sa Langit; may luntiang liwanag Siya.

<sup>22</sup> At ang Anghel ng Panginoon na tumatayo sa tabi natin dito, ay nakata- . . . na laging nakatayo sa aking kanan, dito sa panig na *ito*. At nakatayo Ito roon, at Ito nga'y—Ito nga'y nagpaikot-ikot. At nakita ko ang Lalaking ito na nakatayo sa ilalim Niya. Hindi Siya—hindi Siya . . . Ngayon, hindi 'yun pangitain kapag nakikita mo Siya. Yun kasi'y kasing totoo mismo na gaya na kayo'y nakatingin sa akin. Hayan nga, na maririnig mo Siya na lumalagak at nakikipag-usap sa iyo. At noong Siya . . . Kung ano man 'yun, talagang totoo-totoo. At hindi 'yun isang pangitain; nakatayo talaga roon ang Lalaki kung papaano nga na nandiyan kayo. At 'yung tinig Niya ay pareho lang sa akin o sa inyo. Pero ang pangitain, isang bagay 'yun na biglang lilitaw sa harap mo at makikita n'yo mismo, parang ganoon. Pero ang Lalaking ito ay lumakad nga roon at nakatayo dun.

<sup>23</sup> Pagkatapos sinabi Niya sa akin na . . . kung anong mangyayari. At sinabi Niya na ang . . . Bumaba ang Anghel na ito, at sinabi sa akin na bumaling pabalik at tumingin sa direksyon na *ito*. At sa direksyon 'yun ng India, ngayon. Hindi ko sinasabi na sa India, pero malapit. Pero sila'y mga tao sa India.

<sup>24</sup> Dahil, ang mga taga-Afrika'y malalaki't, matipuno, medyo mabibigat na matatabang tao. Ang ilan sa kanila ay halos pitong talampakan ang tangkad, at ang timbang, oh, dalawandaan at walumpu, tatlong-daang libra, matipuno. Ang mga Zulu, ngayon, ang Shangaan at Basuto, at, oh, maraming iba't ibang tribo. Labinlimang tribo nga ang naroon sa araw na 'yun, na pinangungusapan ko.

<sup>25</sup> Magsasabi ako ng isang salita, halimbawa, “si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos.” Makapupunta pa ako para uminom ng tubig bago matapos ang lahat ng mga interpreter. Isang sabi lang . . . At lahat ng ingay na 'yun!

Dati-rati lagi kong naiisip, kapag naririnig ko ang mga Pentecostal na nagsasalita ng iba't ibang wika, na marahil may isa na nagsasalita ng isang uri ng tunog at ang isa naman ay nagsasalita ng iba, papaano ngang may ganoon? Pero naniniwala ako na tama ang Biblia, at alam kong Ito nga, noong sabihin Nito, “Walang tunog na walang kahulugan.” Tama 'yun.

Ang ilan sa kanila'y magsasabi, haya't isa nga sa kanila'y paganito, “Blrr blrr blrr blrr,” na ang ibig sabihin pala “si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos.” Yung isa naman ay paganoon, “Cluk cluk cluk cluk,” 'yun 'yung “si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos,” sa kanyang lingguwahe. Kaya kahit na anong uri ng tunog 'yun, isa 'yung kahulugan sa kung saang lugar. Ganoon nga. Kahit na

anong uri ng ingay, may ibig sabihin 'yun sa isang tao sa isang lugar. At noong Siya'y . . . Sila nga'y nagsisipagsalita roon.

<sup>26</sup> At napansin ko sa gawing kaliwa ko, noong dumating ang Anghel na 'yun at nakakita ako ng parang kulupon doon, at mga tao ang mga 'yun na may . . . ang itsura nga'y parang may—may kumot sila na nakabalot sa kanila, nang *paganito*, at nakabalot 'yun at nakapulupot, na parang isinusuot sa isang munting sanggol, parang lampin. At ganoon nga. At kapag tumatanaw nga ako sa abot ng matatanaw ko, haya't puro tao talaga. At pagkatapos nagpakita ang Anghel na ito ng malaking umuugoy na liwanag, at nagsimulang umindayog nang patalikod at pasulong, nang *paganoon*. At hindi pa ako nakakita ng ganoong karaming tao sa buong buhay ko!

<sup>27</sup> At pagkatapos itong isang Anghel na ito'y lumapit sa akin nang napakalapit mismo, at ang sabi Niya, “Nasa tatlong-daang libo ang nariyan sa pagtitipon.” At isinulat ko 'yun dito. At kayo man ay isinulat n'yo sa kung anong kapirasong papel, gaya nung sinalita ko sa inyo ang tungkol sa munting batang lalaki na mabubuhay sa Finland. Isinulat n'yo 'yun sa blangkong pahina ng inyong Biblia o kung saan, na sa pagtitipon na 'yun (Magkakaroon ng isang pagtitipon. At mababalitaan n'yo 'yun sa pamamagitan ng isang balita.) na tatlong-daang libong katao ang dadalo sa pagtitipon na 'yun. Ngayon, tingnan n'yo nga kung hindi ba't tama 'yun. Yun nga'y tatlong beses na mas malaki kaysa dun sa isa. Kita n'yo? Tatlong-daang libong katao ang dadalo sa pagtitipon. At ikinagagalak ko nang lubos na makadako roon, hindi ko alam ang gagawin, dahil nais ko talagang makaakay ng mga kaluluwa sa ating Panginoon.

<sup>28</sup> At doon, sa isahang pagkakataon, nakita—nakita ko na tatlumpung libong katutubong hetano ang lumapit kay Jesus Cristo sa isang pagtawag lang sa pagdulog sa may altar, tatlumpung libong katutubong hetano.

<sup>29</sup> Ngayon dumako na tayo sa ating paksa nang madalian. Kahapon napag-aralan natin ang pamamaraan ng mga demonyo. Binubulay-bulay ko nga para sa araw na ito, habang nakikipag-ugnay ang Diyos. Hindi n'yo marahil alam ang sarap ng kalayaan na makalabas. Ngayon, hindi po ako isang guro. Malayong-malayo ako sa pagiging isang—isang ekspositor ng Biblia. At ako ay . . . Ang edukasyon ko po'y limitado lang hanggang sa ikapitong baitang. Kaya 'yan . . . At, hayan nga, umalis ako ng eskuwelahan mga dalawampu't limang taon ang nakararaan, kaya medyo matagal-tagal na. At wala po akong sapat na edukasyon, pero ang lahat ng nalalaman ko ay bagay na natatanggap ko sa pamamagitan ng inspirasyon. At kung ang inspirasyon na 'yan ay di humahambing sa Biblia, kung ganoon mali ito. Kita n'yo? Kinakailangan mismo na nasa Biblia ito. Kahit na gaano pang katindi ang inspirasyon, kinakailangan na naroon mismo. . . *Heto* kasi ang pundasyon ng Diyos. Walang

ibang pundasyon ang inilatag kundi Ito lang. At kung ano Ito, kung ang bagay na ipapangusap ko ay kontra Rito, hayaan nga na ang aking mga salita'y isang kasinungalingan, dahil Ito ang Katotohanan. Kita n'yo? Kita n'yo? At kung may anghel na magsasabi sa inyo ng isang bagay na iba mula Rito, sinabi nga ni Pablo, "Siya'y masumpa," maski anghel pa ito ng Liwanag. Ngayon, napakaraming dakilang mga bagay. Akin lang. . . ano lang. . . pumili lang ako ng dalawang araw, para maihatid ang paksa na ito sa mga tao, 'yun nga'y kahapon tapos ngayon, sa mga pagtitipon na ito sa hapon.

<sup>30</sup> Ngayon, ang dahilan kung bakit ginawa ko ito, ay para bigyan ang sarili ko na masubukan kung matutulungan ba ako ng Diyos. May kung anong bagay sa puso ko. At ito po, kapag, matapos ang dakilang Mensahe na ito, at matapos na patotohanan ng Diyos ang bagay na sinabi ko na Katotohanan, sa Kanyang Salita; sa pamamagitan ng Kanyang Salita, unang-una, at pagkatapos sa pamamagitan ng mga tanda't mga kababalaghan. Ngayon, iniisip ko, gayong dala ko ang Ebanghelyong Katotohanan para sa Iglesya, obligasyon ko, sa Diyos, na ihatid ito sa Iglesya. Ganoon nga. Sila nga'y watak-watak, sa napakarami't iba't ibang organisasyon at mga sektaryan na grupo nito, hanggang sa naging mali na 'yun. Lahat tayo'y mga anak ng Diyos kapag tayo'y naipanganak na muli, Doon, kita n'yo. At ang katotohanan sa bagay na 'yun ay nais ng Diyos na malaman natin 'yun, na tayo'y Kanyang mga anak.

<sup>31</sup> Ngayon, alalahanin n'yo, ang templo ni Solomon ay tinabas, sa lahat ng dako ng mundo. At hetong dumarating ang isang bato na nakapaling nang *paganito*, at 'yung isang bato ay nakapaling nang *paganoon*, at 'yung isa'y tinabas naman nang *paganito*, at 'yung isa'y tinabas nang *paganoon*, pero, noong pagsama-samahin, wala ngang ngitngit ng lagari, ni tunog ng martilyo, ang lahat kasi'y dumako nang lapat na lapat sa posisyon nito. Ang Diyos ang Maestro nun.

<sup>32</sup> Ang Diyos ay may isang iglesya na Assemblies ang tawag, at 'yung isa naman church of God, at 'yung isa'y *ganito*, at 'yung isa'y *ganoon*. At, pero noong ang mga 'yun ay pinaglakip-lakip, silang lahat ay magkakalakip sa isang malaking grupo ng pag-ibig sa kapatid, at ang Diyos ang maglalagay, titipunin ang Iglesyang 'yun na maglakip-lakip at dadalhin Siya paitaas sa alapaap.

<sup>33</sup> Bawat bantog na larawang-pinta, bago ito isabit sa isang bulwagan ng sining, bago kailangang isabit, dadaan muna 'yun sa bulwagan ng mga kritiko, unang-una. Yung lalaki na nagpinta ng. . .? . . . o, paumanhin po, hindi ko lang masabi ang pangalan niya, nung nagpinta ng Huling Hapunan, hayan nga, na gumugol 'yun ng habambuhay niya. Ipininta niya ang larawan na 'yun. Mga dalawampung taon, o sampung taon, sa palagay ko, 'yung pagitan ng pagpinta niya kay Cristo at kay Judas. At napansin

n'yo ba, sa bantog na larawan na 'yun, na 'yung parehong lalaki na naging modelo para kay Cristo, sampung taon ang nakalipas ay naging modelo para kay Judas? Ganoon nga. Siya nga. Sampung taon ng kasalanan, mula sa isang sikat na mang-aawit ng opera, na naging modelo para kay Cristo, ay pumaroon para maging modelo kay Judas. Hindi n'yo kailangan ng sampung taon. Sampung minuto lang, parehong bagay ang sasapitin n'yo. Papalitan nito ang katangian n'yo, sa kasalanan. Pero, ano't anuman, ang larawan na 'yun ay dumaaan sa lahat ng mga kritiko.

<sup>34</sup> At 'yun ang naiisip ko ukol sa Iglesya ng Diyos, ang grupo na tinawag. Buweno, hindi ko ibig pakahulugan itong sasabihin ko bilang patama. Lumayag na ako sa pitong dagat, at nasa ikatlong paglalakbay na ako sa palibot ng mundo, at sinasabi-sabi ng mga tao, "Holy-roller! Holy-roller!" At hinalughog ko ang buong mundo, at di pa ako nakasusumpung ng isang holy-roller. Bansag 'yun na ikinabit ng diyablo sa mga tao. Ganoon lang. Walang ganoong bagay na isang holy-roller. At may istatistika ako ng bawat animnaraan at animnapu't walong iba't ibang iglesya na mayroon, at organisado sa buong mundo, wala ni isa sa kanila ang tinatawag na Holy Rollers. At galing 'yan sa gobyerno. Wala ni isa na iglesyang Holy Roller na nalalaman ko. Kaya, bagay lang 'yan na ibinansag ng diyablo. Pero, ngayon, sa lahat ng ito, lahat ng mga bagay na ito, ang Diyos ay may ipinintang larawan. At may isang panahon na ang lahat ng mumunting iglesya na ito'y narito noon, na ang ilan sa inyo. . .

<sup>35</sup> Nakikita ko itong mga kalalakihan na ubanin na ang buhok. Ang anak kong lalaki, kahapon; nasa loob ako ng silid, nag-aaral, at may ministrong bumisita at sabi, "Nais kong makipagkamay sa iyong tatay." Mangyari nga, na dahil lumaki ang anak ko kasama sina Kapatid na Baxter at sila, na ganoon nga, "Hindi," ganoon 'yung sagot, agad-agad. Ayaw ko nun. Kita n'yo? Kahit na ako man. . . Dahil, hindi ako maaaring maging lingkod ng tao at Diyos, din. Pero sa tingin ko nais kong makipagkamay sa kapatid ko. Nais kong gawin 'yun. May kung anong bagay ukol dun, na nais kong makipagkamay sa isang—sa isang ministro. Hindi lang sa isang ministro, kundi sa sinumang anak ng Diyos, 'yun ang nais kong gawin. Hindi ko nga alam ang tungkol dito hanggang sa banggitin sa akin ng maybahay ko pagkatapos. Buweno, kung ang nasabi niya marahil sa ministro na 'yun, "Sandali lang po, nasa loob siya't nananalangin, at— at titingnan ko kung anong sasabihin niya." Buweno, 'yun, mas maigi nga sana 'yung ganoon. Kaya itinama ko siya nang kaunti tungkol dun, na huwag uling ganoon. Kita n'yo?

<sup>36</sup> At mangyari rin namang totoo, na di ka maaaring labas nang labas, gaya ng sinabi ng kapatid kanina. Kung ganoon kasi, sa gabi ako—ako'y pagod na pagod naman, kita n'yo. Mag-uusap ang mga tao, at marahil ang lahat ay may karamdaman, at kapag sasabihin nila ang tungkol dun, agad-agad, may Anghel



ng Panginoon doon mismo na sasabihin ang tungkol dun.

<sup>37</sup> May nakaupo rito, na nakatingin sa akin ngayon, na nalalamang totoo 'yan, mga ilang minuto ang nakalipas kanina, o mga isa't kalahating oras ang nakalipas. Isang binibini ang nakaupo rito, na di alam kung ano 'yun, na ang Anghel ng Panginoon ay nangusap sa kanya nung isang gabi at may sinabi sa kanya, at di niya maunawaan. Pero ngayong araw ay nangyari, kaya nalaman niya ngayon kung anong ibig sabihin nun noong mangusap Siya sa kanya. At mangyari nga, habang nakatayo na nakikipag-usap sa kanya, ang Anghel ng Panginoon ay bumaling pabalik at sinabi sa kanya kung anong suliranin niya, at lahat ng tungkol dun, at—at kung ano mismo ang nasa isip niya, at isa sa mga mahal niya sa buhay, at kung papaanong ang Diyos ay nangusap at sinabi na Kanyang kinumpirma ito, at kung ano ang mangyayari. Kaya sa ganoon mismong paraan nangyari ito. Kita n'yo? Diyos mismo ang nagsabi.

<sup>38</sup> Buweno ngayon, paano naman 'yung ilang beses na... At pagkatapos, at bawat pangitain ay pinanghihina ka nga nang pinanghihina, kita n'yo. At malalaman mo na lang, kapag pupunta ka sa simbahan sa gabi, pagod na pagod ka na hanggang sa halos di mo na alam ang gagawin mo. At kaya ipanalangin n'yo ako ngayon, kita n'yo, dahil heto't mula sa isang pagtitipon ay diretso na naman sa isa, tapos sa isa. Kung ito lang sana ang nag-iisang pagtitipon, iba po sana, kung uuwi ako ngayon at hindi gagawa ng kung anuman nang dalawang buwan, labas at kukunin ko ang pamingwit ko at mangingisda. Pero kinakailangan ko ngang pumunta sa isang pagtitipon diretso sa isa pa, mula sa isa patungo sa isa pa, kita n'yo. Yun po ang dahilan.

<sup>39</sup> At lahat kayo'y manalangin, kayo na mga nariyan sa tagapakinig. Nabanggit nila sa akin kagabi na ako raw—na ako raw ay mangungusap sana sa isang partikular na tao, at hindi naman sumagot sa tawag 'yung tao. Ngayon, medyo delikado nga 'yun, kita n'yo. Noong sabihin nila ito... Buweno, kung minsan ang mga liwanag na ito'y hindi nagliliwanag, may mga itim na bahagi sa gitna nun.

<sup>40</sup> At minatyagan ko ang Anghel ng Panginoon habang nakatayo Siya rito, mararamdaman ko ito. Pagkatapos na maramdaman ko Itong kumikilos sa akin, at nakaantabay na ako, Ito nga'y umaalis sa akin at Ito'y magtutungo sa kung saan at mananatili roon nang kaunti, at makikita ko Ito. At Ito'y kikislap at darating ang isang pangitain. Pagkatapos makakakita ako ng pangitain. Mamatyagan ko kung anong uri't itsura ng tao 'yun na nasa paligid dun. Hahanapin ko 'yung tao, tapos magsasalita ako. Ganoon ang mangyayari. Ganoon ang magaganap. Hindi mo kailangang ipaalam sa lahat 'yun, pero 'yun—'yun nga ang nangyayari, kita n'yo. Ang lahat ng ito'y nasa espirituwal na kalagayan.

<sup>41</sup> Tapos kung ang tao na 'yun ay di tutugon, para nga 'yung nagbasa siya ng Biblia rito at sasabihin, “Wala namang kabuluhan Yun,” tapos tatalikuran Ito palayo. Kita n'yo? Kaya 'yun ang nagpapagrabe rito. Kaya magmatyag kayo, laging handang makinig, laging nakaantabay. Kapag Siya'y magsasalita, tumugon kayo. Kita n'yo, maging handa kayong sumagot anumang oras.

<sup>42</sup> At mangyari nga na ang maybahay ko, at sina Kapatid na Beeler at marami sa kanila, kaninang umaga, ay binabanggit nila sa akin ang tungkol dito, na tawag daw 'yun ng isang lalaki tungkol sa kapatid nito, sa kung saan, na may kung anong bagay na suliranin sa kanya, at kung ano pa. At hindi sumagot sa tawag ang lalaki, kaya nakapanghihinayang po. Yun nga'y sa pagitan ng Diyos at ng tao. Umalis na sa akin ang pangitain. Pagkatapos nga'y di ko na 'yun masumpungan, dahil hindi siya sumagot. Kaya, magmatyag po, maging alerto po.

<sup>43</sup> Ngayon sa pagtalakay sa paksa na ito tungkol sa *Demonolohiya* at ang pangungusap tungkol sa mga demonyo. Ngayon, ang mga tao, kapag sasabihin n'yo “demonyo,” agad-agad nilang naiisip, “Oh, kung anong panatisismo 'yan o kung ano!” Pero ang mga demonyo nga'y kasing tunay ng mga Anghel. Kasing tunay sila.

<sup>44</sup> At ang diyablo'y kasing tunay na diyablo, kung papaano na si Jesus Cristo'y ang Anak ng Diyos. Ang diyablo ay diyablo! Ang Langit ay kasing tunay mismo. At kung walang ganoong bagay na impyerno, walang ganoon ding bagay na Langit. At kung walang Panghabang-panahon na pinagpalang. . . Panghabang-panahon na kaparusahan, ang ibig kong sabihin, ay walang Panghabang-panahon na pagpapala. Kung walang araw, walang gabi. Kita n'yo? Pero gaya nga na tunay na may araw, may gabi. Gaya nga—gaya nga na may—na tunay na may Cristiano, mayroon at mayroong mapagkunwari. Gaya nga ng kung may totoong-totoo mula sa Diyos, mayroon ngang gaya-gaya nun. Kita n'yo? Ganyan nga mismo na may pabor at kontra, itim at puti, sa bawat aspeto ng buhay sa lahat, totoo at huwad sa lahat ng dako. At may huwad na ebanghelyo, may totoong Ebanghelyo mismo. May tunay na Bautismo, may huwad na bautismo. May kunwang-pananampalataya, at may tunay. May totoong Amerikanong dolyar, may pekeng Amerikanong dolyar. May tunay na Cristiano, may tunay na mapagkunwari rin, kita n'yo, na nanggagaya lang. Kaya makakasumpong kayo ng ganoon, hayan nga na mayroong lahat n'yan. Ngayon, hindi n'yo mapaghihiwalay. Nagpapaulan ang Diyos.

<sup>45</sup> Nawa'y pahintulutan Niya akong mangusap sa inyo rito nang kaunti pa. Ilan pong mga mangangaral ang nandito? Pakitaas po ng inyong mga kamay. Sa buong palibot nga, na mga mangangaral, patingin po ng inyong mga kamay. Buweno, pagpalain kayo ng Diyos, mga kapatid. Ngayon, ngayon, di

n'yo ito kukunin na doktrina ngayon, pero, bago lamang tayo dumako sa mahalagang paksa na ito, sasabihin ko sa inyo. Ilan ba ang Pentecostal dito? Pakitaas po ng kamay n'yo, haya't lahat sa buong dako nga. Buweno, lahat kayo'y mga Pentecostal. Buweno. Nais kong sabihin sa inyo ang bagay na mayroon ako noong unang beses na dumako ako sa lugar n'yo, sa mga hanay n'yo.

Nandito nga ako sa Indiana, sa isang lugar na tinatawag na Mishawaka. Pinakaunang grupo 'yun ng mga Pentecostal na nakita ko kailanman, ang tawag sa kanila'y ang—ang Pentecostal Assemblies of Jesus Christ, sa palagay ko, o parang ganoon, kahanga-hanga ngang grupo ng mga tao. Ngayon sila'y nag-organisa na magsama-sama at tinawag sila na United Pentecost. Umalis sila mula sa iba pa sa kanila, dahil sa isang usapin tungkol sa pagbabautismo sa tubig. Hindi nga sila pinagiging mapagpaimbabaw n'yan. Marami ang tunay, na totoong tunay na Espiritu Santong, ipinanganak-na-muling Cristiano sa kanilang mga hanay. At pinagkalooban sila ng Diyos ng Espiritu Santo sa pagbabautismo sa “Pangalan ni Jesus,” at nagkaloob Siya sa iba pa sa kanila ng bautismo ng Espiritu Santo, na mga nabautismuhan sa “Ama, Anak, Espiritu Santo.” Kaya, “nagkaloob ang Diyos sa kanila ng Espiritu Santo, na mga tumatalima sa Kanya,” kaya sino—sino ang nagtamo, sino ang sumunod sa Kanya? Hayan nga.

<sup>46</sup> Kung nakakalingat kayo, at heto sila na nais sa gawi na ito, hayaan n'yo sila, at humayo kayo at maging magkakapatid pa rin. Ganoon nga. Huwag. . . Ang tumapos, ay 'yung paghiwalay nila, pag-alis. Kita n'yo? Ano? Yung paghiwalay, pagkawatak-watak, pagkasira ng pakikipagkapatiran, paglayo at pagbukod sa inyong mga sarili. Hindi, po, hindi tayo bukod-bukod, iisa tayo. Ganoon nga.

<sup>47</sup> Pero noong nakatayo ako roon, tinitingnan ko 'yung mga tao. Ngayon, ako, galing lang noon sa isang regular na maliit na matandang Southern Baptist na iglesya, hayan nga, tinitingnan ko 'yung mga tao roon, pumasok ako dun at nagpapalangkapan sila ng kanilang mga kamay, nagsisigawan, “Isa sa kanila, isa sa kanila, ako'y nagagalak na isa ako sa kanila!”

<sup>48</sup> Sa isip-isip ko, “Naku! Whew!” Malalaman mo na lang, heto nga na may parating sa gitna dun, talagang nagsasayaw sa mainam na magagawa nilang pagsayaw. “Tuh-tuh-tuh-tuh-tuh,” sa isip-isip ko, “grabeng kaugalian sa loob ng simbahan! Hindi pa ako nakakarinig ng mga bagay na tulad nun.” Tuluy-tuloy ko ngang pinapanood sila, sa palibot. Sa isip-isip ko, “Grabe, ano na ang nangyayari sa mga taong ito?”

<sup>49</sup> Ngayon, napakinggan n'yo na akong ikinuwento ang salaysay ng buhay ko, kung saan nakapunta ako sa pagtitipon na 'yun doon. Pero ito nga ang isang bagay na di ko pa

naikukuwento, hindi pa ito naikukuwento noon, sa publiko. Hayan nga na sila . . . Ngayon, kung gusto n'yong burahin ito sa inyong rekorder, siyanga, magagawa n'yo. Sige. Ngayon, dito nga ako'y nagmamasid, at ngayon sa isip-isip ko, "Grabe, ang mga taong ito ang pinakamasasayang tao na nakita ko sa buong buhay ko." Hindi nila ikinahihiya ang kanilang relihiyon. Tayo ngang mga Baptist ay nahihiya nang kaunti, paminsan-minsan, alam n'yo. Kita n'yo? At kapag mananalangin sila, alam n'yo, nagtatago sa likod ng pamaypay, alam n'yo. Tapos—tapos, pero tayong . . . Pero 'yung mga taong 'yun ay hindi, kapatid, sila—sila nga'y puspos ng relihiyon sa loob, labas, at buong pagkatao nila.

<sup>50</sup> Buweno, naalala ko nung gabing 'yun noong umakyat ako roon sa entablado. Sabi, "Ang lahat ng mga mangangaral ay pumarito sa entablado." Isa 'yung kombensyon. Kinailangan nilang idaos 'yun dito sa Norte, dahil sa—dahil sa maaaring maging aberya ukol sa kulay, dun sa Jim Crow na batas sa Katimugan. Kaya lahat sila'y nagtipun-tipon doon mula pa sa kung saan-saan. Hayan nga, na nakaupo ako roon. Tapos sabi niya . . . Buweno, ngayon may . . . buong araw at gabi nga akong nakakapakinig sa lahat ng mga mangangaral. May mga nagsalita roon na matandang mangangaral, isa siyang matandang lalaking itim na lumabas dun, may kaunting paikot na buhok sa kanyang ulo, parang *ganoon*, nakasuot ng lumang mahabang amerikanang pang-mangangaral na may nakalaylay sa likod, alam n'yo, velvet 'yung kuwelyo, at mainit ang klima noon. Yung kalugud-lugod ngang matandang lalaki'y lumabas dun nang *paganito*. Sabi niya, "Minamahal kong mga anak," sabi niya, "nais kong sabihin sa inyo," siya nga'y nagpatotoo. Parang ako yata ang pinakabata na nakaupo roon sa entablado. Pagkatapos ang sabi niya, "Sinasabi ko sa inyo!" Hinango niya ang teksto niya sa Job, "Saan ka naroon noong ilagay Ko ang mga patibayan ng lupa? Ipahayag mo sa Akin kung saan nakakabit ang mga ito."

<sup>51</sup> Lahat ng iba pang mga mangangaral ay nangaral tungkol kay Cristo, 'yung karaniwang takbo ng pangangaral. Pinakikinggan ko sila, natutuwa ako. Pero hindi karaniwan 'yung sa matandang lalaki! Bumalik siya nang halos sampung libong taon bago pa magsimula ang mundo. Tumugaygay siya paakyat ng Kalangitan at bumaba sa lawak ng himpapawid, ukol sa bagay na nangyayari. Yung ipinapangaral ng iba, ay 'yung nangyayari, sa umaga; nangangaral siya ng kung anong nangyayari sa Langit. Tinugaygay niya si Cristo pabalik dun sa pahalang na bahaghari, tumugaygay sa ibayo sa kung saan sa Walang Hanggan. Grabe, wala pang limang minuto na nangangaral ang matandang lalaki, may kung anong Bagay na pumuspos sa kanya. Nagtatalon siya sa ere at pinalagutok niya ang kanyang mga takong, at sumigaw, "Whoopee!" Mga ganito lang kalaki sa akin dito 'yung espasyo niya roon. Sabi niya, "Masyadong maliit 'yung espasyo n'yo rito para makapangaral

ako,” at umalis na siya.

<sup>52</sup> Buweno, sa isip-isip ko, “Kung naibunsod nun sa isang lalaki na halos walumpung gulang, ano kaya ang maibubunsod nito sa akin? Yun nga ang nais ko. Yun mismo ang nais ko.”

<sup>53</sup> Pero heto nga ang nakuha ko rito. Ngayon, pinag-uusapan natin ang tungkol sa mga demonyo ngayon. Heto ang nakuha ko, may dalawang lalaki ako na pinapanood. Yung isa’y nakaupo sa isang panig, at ’yung isa sa kabila. At sa pagbaba ng Espiritu, ang naturang mga lalaki nga’y tumatayo at nagsasalita ng iba’t ibang wika at sumisigaw, at namumuti ang paligid ng bibig. At sa isip-isip ko, “Oh, grabe, kung magkakaroon lang sana ako nun!” Kita n’yo? “Grabeng kamangha-mangha! Oh, ’yun. . . Talagang gustung-gusto ko ’yun!” Buweno, nagtungo ako sa maisan. At naukuwento ko na sa inyo ang salaysay ng buhay ko. Nabasa n’yo na ito sa libro. Natulog ako buong gabi. Tapos bumalik ako nung kinaumagahan, mangyari nga na naisipan kong subukin. May pamamaraan ako ng paggawa ng mga bagay-bagay na walang nakakaalam kundi ang Diyos at ako. Kaya, heto na, dala-dala ang talinghaga haya’t nagtungo ako para katagpuin ang espiritu ng isang lalaki. Nasasaksihan n’yo ’yun dito sa ibabaw ng entablado. Kita n’yo? At mangyari nga na nakausap ko ang isa sa mga lalaking ’yun. Nakikita ko sila, nakaupo sila na magkatabi, at sila’y naghahawak-kamay at sumasayaw at sumisigaw. Sa isip-isip ko, “Oh, grabe, totoong-totoo nga ang dating nito sa akin!”

<sup>54</sup> At kinamayan ko ’yung isa. Sabi ko, “Kumusta po kayo, ginoo?”

<sup>55</sup> Sabi niya, “Kumusta ka rin.” Napaka disenteng lalaki, maginoong lalaki. Sabi niya. . .

Sabi ko, “Isa po ba kayong ministro?”

Sabi niya, “Hindi, po. Isa lang akong ordinaryong miyembro.”

<sup>56</sup> At nakipag-usap nga ako sa kanya nang kaunti para mahagip ko ang espiritu niya. Kita n’yo? Hindi niya alam ’yun. Walang nakakaalam. Wala akong sinabi na anuman tungkol dun. Mga taon ang bumilang, bago ko nabanggit ang tungkol dun. Pagkatapos sila. . . Pero noong malamang ko, totoong-totoo nga, isa talaga siyang ganap, na Cristianong lalaki! Ang lalaking ’yun ay ganap na isang banal ng Diyos. Sa isip-isip ko, “Kapatid, mainam ’yan.”

<sup>57</sup> Pero ang kakatwa nga, noong makamayan ko ’yung isa namang lalaki, kabaligtaran. May kinakasama siyang isang babae na hindi niya asawa. Ganoon nga. At nakita ko ’yun na may lumitaw ukol sa kanya, isang pangitain. Sa isip-isip ko, “Oh, naku, hindi maaari.” At ’yung lalaki. . . Sa isip-isip ko, “Ngayon, ngayon, ang espiritu na ito na nasa kalagitnaan nila’y mali. Ganoon nga ito.”

58 Kaya nung gabing 'yun noong...nagtungo na ako sa pagtitipon, at bumaba ang mga pagpapala, ako'y nanalangin sa Diyos, at ang Espiritu Santo, nagbigay ng patotoo ang Anghel ng Panginoon na ito nga'y ang Espiritu Santo. At ang parehong Espiritu na bumababa sa lalaking *ito* ay bumababa rin mismo sa lalaking *'yun*. At sa pagbaba nga ng Espiritu, kapwa sila tumatayo, at kapwa sila sumisigaw at humihiyaw at nagpupuri sa Panginoon, at nagsasalita sa iba't ibang wika at sumasayaw. Sabi ko, "Hindi ko—hindi ko—hindi ko maunawaan, Panginoon. Ang...Hindi ko ito makita sa Biblia, kung saan tama nga ito." Ngayon sabi ko, "Baka nalililang ako." Kita n'yo? Sabi ko... Ngayon, dito, hindi ko—hindi ko...ako'y—ako'y mahigpit na pundamental sa Biblia. Kinakailangan na Ganito 'yun. Kita n'yo? Sabi ko, "Panginoon, batid Mo po ang aking kalagayan, at kinakailangan ko—kong makita ito sa Iyong Salita. Haya't di ko—di ko maunawaan. Sa pagbaba ng Espiritu sa lalaking *ito*, ang Espiritu'y bumababa rin sa lalaking *'yun*, at ang isa sa kanila'y isang banal at 'yung isa nama'y mapagpaimbabaw. At alam ko po ito." Alam ko. Walang...Magagawa ko ngang kunin ang lalaki't patunayan 'yun sa kanya, o tawagin ang pansin niya mismo roon at sabihin sa kanya ang tungkol dun.

59 Gaya ng magagawa ko dun sa lalaki na nakaupo rito nung nakaraang gabi, na malinaw na isang—isang impostor, kung mayroon man na nakaupo roon. At maaari ko ngang ilantad 'yun, pero baka tumayo siya't magsimulang makipagtalo. Kaya hinayaan ko na lang, alang-alang sa pagtitipon, pero talos ko nga siya. Siyanga, po.

May isa, dalawa sila, na nakaupo roon sa likod, noong isang gabi, na kasapi sa isang iglesya rito sa siyudad. Totoong mga kritiko! Nakita ko sila. Pero, kung pupunahin nga, magpapasimula lang siya ng gulo. Nagawa ko na 'yun maraming beses na. Kaya hinahayaan ko na lang sila, kita n'yo. Ayos lang. Ang Diyos ang nakakaalam, Siya ang Tagahatol. Hintayin n'yong tawagin nila ako minsan, at makikita n'yo nga ang isang bagay na mangyayari, kita n'yo, hayaan n'yo siya.

Gaya ng demonyo, hindi ko nga kailanman tinatawag ang demonyo. Lumalapit lang siya sa akin at hinahamon ako. Diyan pagkatapos kililos ang Diyos, kita n'yo, ganoon nga, at nakita n'yo na 'yung nangyari. Buweno. Pero hayan nga't hinayaan ko lang. Naging mahirap nga ang pagtitipon na 'yun, dahil 'yung espiritu na 'yun ay ginagambala ako sa tuwina, kita n'yo. At kaya nagpatuloy lang ako.

60 Pero ngayon, ang mga lalaking ito, hindi ko nga maintindihan. At dalawang taon ang lumipas, o tatlo, noong naroon ako sa Green's Mill, Indiana, dito, sa reserbasyon ng mga scout. Nandun ako sa isang kuweba na dati ko nang pinupuntahan para manalangin. At doon nga, sabi ko, "Panginoon, hindi ko po maunawaan kung anong mayroon sa

grupo ng mga tao roon. Pinaka maiinam na mga taong nakatagpo ko sa buhay ko, at di ko—di ko lamang po maunawaan kung papaanong 'yung naroon ay maling espiritu. Samantalang ito'y ang...kung ganoon...Batid Mo po ang katapatan ng puso ko. Batid Mo kung gaano Kitang kamahal at nalalaman kung gaanong pinaglilingkuran Kita. At ang siya ring Espiritu na narito, sa akin, ay naroon din sa mga taong 'yun. At heto Ito na naroon din sa lalaking 'yun, doon, parehong-pareho." Kaya hindi ko maintindihan.

<sup>61</sup> Tapos bumaba ang Panginoon sa Kanyang habag at ipinakita sa akin. Heto nga 'yun. Kinakailangan na batay sa Kasulatan, unang-una. Ang sabi Niya, "Kunin mo ang Biblia mo." Tapos kinuha ko ang Biblia ko. Sa palagay ko hawak-hawak ko ang Biblia na 'yun nang sampung minuto nang walang sinuman... walang anumang Salita na dumarating. Naghintay ako pansumandali. Narinig ko Siya na nagsalita uli, "Bumuklat ka sa Mga Hebreo 6 at simulang magbasa." At ginawa ko. At noong makadako ako roon, kung saan ang sabi Nito, "Ang ulan ay dumarating sa lupa para diligan ito at ihanda ito, bukirin ito para ito'y... pero ang mga tinik at mga dawag, na malapit sa pagkatakwil, na ang kahihinatnan ay pagkasunog." At doon ko nga 'yun naintindihan.

Sa isip-isip ko, "Hayun nga ito. Salamat sa Diyos! Hayun nga ito." Kita n'yo?

<sup>62</sup> Ngayon, sinabi ni Jesus, "Isang maghahasik ang lumabas para maghasik ng mga binhi," hindi ba't sinabi Niya? Ngayon, lahat kayo'y mga Cristiano rito. Nagtaas ang bawat isa ng kanilang kamay, hayan nga, mga Pentecostal, na ipinanganak na muling Cristiano. Buweno. Sila... At ang sabi Niya, "Isang manghahasik ang lumabas, para maghasik ng mga binhi. At habang siya'y natutulog..." Sa Kanyang pagpapahinga, kamatayan, sa pagitan nun. Kita n'yo? "At habang natutulog siya, isang kaaway ang dumating at naghasik ng mapanirang damo sa bukirin na 'yun." Ano ang mapanirang damo? Damong-ligaw, tinik at mga bagay-bagay. Ngayon, "At noong ang magbubukid (ang mangangaral) ay nakita ang mga damo na tumutubo, sabi, 'Hayaan mo akong magtungo roon para bunutin ang mga 'yun.' Sabi Niya, 'Huwag, huwag. Mabubunot mo rin ang trigo. Hayaan mong tumubo sila kapwa na magkasama.'"

<sup>63</sup> May bukirin nga ng trigo rito. May mga gumagapang na halaman, kulitis, sukal na damo, lahat na ng kung anu-ano. Tama ba? Pero, ngayon, doon nga'y may trigo. Ngayon, dumarating ang ulan sa lupa, para diligan ito. Ngayon, para saan ang ulan? Hindi para sa kulitis. Ngayon masdan n'yo at pagtuunan ito ng pansin. Hindi nga para diligan ang gumagapang na halaman. Ang ulan ay ipinadala para sa trigo, pero ang kulitis at ang damong-ligaw ay kasing uhaw mismo ng trigo. At ang siya ring ulan na bumubuhos sa trigo ay bumubuhos

sa damo. At 'yung munting matandang damo'y tatayo at tatayo mismo nang tuwid gaya nun, at masaya't nagbubunyi, gaya ng munting trigo na tatayo at itutuwid ang kanyang sarili.

<sup>64</sup> “Pero sa pamamagitan ng kanilang mga bunga'y makikilala ninyo sila.” Hayan nga. Kita n'yo? Ngayon, ang siya ring Espiritu Santo'y makapagpapala sa isang mapagkunwari. Magugulantang nga riyan ang ilan sa inyo na mga Arminian, pero 'yan ang Katotohanan. Katotohanan po 'yan. Naturuan sa kabanalan, na naniniwala rin ako sa kabanalan, siyanga. Pero ang siya ring Espiritu, ang ulan ay bumubuhos sa matuwid at di-matuwid, pero sa pamamagitan ng kanilang mga bunga ay makikilala n'yo sila.

<sup>65</sup> Kung tatanaw ako rito at pupunta't kukuha ng trigo, makukuha ko 'yung trigo, pero bibigkisin mismo 'yung mga damo. At nabubuhay sila sa parehong ulan na bumuhos para sa trigo. At ang ulan ay di nga ipinadala para sa mga damo, ito'y ipinadala para sa Trigo. Pero ang ulan yamang nasa bukirin, at ang trigo'y nasa. . . o ang mga damo'y nasa bukid ng mga trigo, nakakuha nga mismo ng kasing daming benepisyo mula sa ulan gaya ng ilan pa sa kanila. At ang parehong ulan na nagbunsod sa trigo na mabuhay, ay nagbunsod din ng buhay sa damo.

<sup>66</sup> Lahat ng mga bagay sa natural ay tumitipo sa espirituwal, gaya ng itinuturo natin. Hayan nga ito, demonolohiya, ginagaya ng mga demonyo ang Cristianismo, siyanga, sa pagpapala. Hindi po 'yan mababaw na gatas, mga kapatid, kung maiinom n'yo nga. Kita n'yo? Kita n'yo? Ngayon, ito'y—ito'y Katotohanan.

<sup>67</sup> Kaya, hindi ako naligtas ngayon dahil nakakasigaw ako. Hindi ako naligtas dahil pakiramdam ko'y ligtas ako. Ligtas ako dahil naabot ko ang mga kondisyon ng Diyos sa Bibliang ito. Sinabi ni Jesus, “Ang dumirinig ng Aking Mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan, at hindi patutungo sa kahatulan, bagkus ay lumipat na mula kamatayan patungong Buhay.” Sinasampalatayanan ko 'yan. Tama. At sa mga kondisyon na 'yan ako'y naligtas, dahil sinabi mismo ng Diyos.

<sup>68</sup> Kung may magsabi sa akin na naligtas ka dahil may nagsabi, “Isang humahagibis na malakas na hangin ang tumama sa akin sa mukha,” kahanga-hanga 'yan, pero gusto kong malaman kung saan nanggaling ang humahagibis na malakas na hangin na 'yan bago ito tumama sa akin sa mukha, kita n'yo. Ngayon, anong klaseng buhay ang ipamumuhay n'yo matapos na tumama sa'yo ang humahagibis na malakas na hangin? Kita n'yo? Kita n'yo, sa pamamagitan ng bunga mo ikaw mapagkikilala. Hayan nga, na ang mga demonyo'y nakakakilos sa gitna ng mga Cristiano. Naniniwala ba kayo riyan? Tingnan n'yo si Pablo, sabi ni Pablo. . .



69 Ngayon dito nga ang mga Latter-Day Rain . . . Kung mayroon sa inyo rito, patawarin n'yo ako sa pagsasabi ng anumang bagay laban sa inyo. Hindi na ako magsasabi ng anuman laban sa inyo gaya ng gagawin ko sa mga Assemblies, o sa alinman, mga Baptist, o kung sino pang iba. Ang Katotohanan ay Katotohanan. Dito nga kayo nalihis, dito: ginagawa n'yong mga propeta sila na mga kalalakihan at kung anu-ano na di naman mga propeta. Ang mga propeta'y hindi "pinapatungan ng mga kamay" at ipinapadala. Ang mga propeta'y ipinanganak. Kita n'yo? Sa Biblia, may *kaloob* ng pagpropopesiya. Diyan kayo nagkamali, sa pagitan ng kaloob ng pagpropopesiya at isang propeta. Ang kaloob . . .

70 "Ang Diyos, sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan ay nagsalita sa mga ninuno sa pamamagitan ng mga propeta, na sa huling mga araw ay sa pamamagitan ng Kanyang Anak, na si Cristo Jesus." At ang Katawan ni Cristo ay may siyam na espirituwal na kaloob na gumagana rito. At marahil dito sa babaing *ito* ngayong gabi'y, magpropopesiya, na pagkatapos ay di na kailanman sa kanyang buhay. Marahil dito naman sa babaing *ito* sa kasunod na gabi. Marahil dito naman sa lalaking *ito* sa kasunod. Marahil dito naman sa isa na *'yun* sa likod diyan, kasunod. Hindi siya nun pinagiging isang propeta, di nun pinagiging propeta ang sinuman. Isa 'yung kaloob ng pagpropopesiya na nasa inyo.

71 At bago ang taong 'yun o ang pagpropopesiyang 'yun ay maibigay sa iglesya, kinakailangan nga 'yung masubok ng dalawa o tatlong espirituwal na tagasubok. Tama ba? Ayon, ngayon, sa sinabi ni Pablo, "Lahat kayo'y maaaring magpropesiya, isa-isa." Kung may bagay na mahayag sa isang *ito*, manahimik nga ang isang *'yun*. Buweno, ipagiging propeta ang lahat kung ganyan, ayon sa pagtuturo sa panahon ngayon. Hindi, Pentecostal na iglesya, napaglabo-labo natin ang lahat ng mga bagay. At 'yan ang dahilan kung bakit di makapasok ang Diyos, hanggang sa maituwid natin ang bagay at maayon sa Biblia. Tama. Kinakailangan n'yong makadako sa tamang daan. Paano kayo makapagtatayo ng isang bahay nang hindi tumitingin sa dibuhong plano? Kita n'yo? Kinakailangan n'yong magpasimula nang tama.

72 Ngayon, doon, isang propeta, hindi kayo kailanman nakakita ng sinuman na tumayo noon sa harap nina Isaias, Moises. May isa na tumayo, si Core, isang araw, at sinubukang makipagtalo sa kanya, at ang sabi ng Diyos, "Ihiwalay mo ang iyong sarili, ibubuka ko ang lupa at . . ." Ang isang propeta nga'y ipinapanganak. "Ang mga kaloob at ang mga katawagan . . . - di nagbabago." Yan nga'y paunang pagtatalaga ng Diyos, mula sa pagiging sanggol hanggang lumaki. Ang lahat ay ganap na ganap, na ang mismong sinabi niya ay katotohanan at pinagtibay at inihayag. Ang Salita ng Diyos nga, ay dumarating sa propeta.

Pero ang isang kaloob ng pagpropopesiya ay nasa iglesya.

<sup>73</sup> Ngayon sabihin n'yo, "Buweno, ang mga propeta'y sa Lumang Tipan lang." Oh, hindi! May mga propeta sa Bagong Tipan.

<sup>74</sup> Si Agabo ay isang—isang Bagong Tipan na propeta. Tingnan n'yo ang Espiritu ng pagpropopesiya na bumaba roon at sinaysay kay Pablo ang tungkol dun. Hayan nga rito na dumating si Agabo mula sa Jerusalem, at natagpuan niya si Pablo, at itinali ang bigkis niya sa kanya, at bumaling at nagsabi, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ang lalaki na may suot nito ay magagapusan sa pagpunta niya sa Jerusalem." Si Agabo, na tumayo at nagsabi, paunang nagsabi ng bagay na mangyayari, siya'y isang propeta, hindi isang lalaki na may kaloob ng pagpropopesiya.

<sup>75</sup> At ang kaloob ng pagpapagaling at lahat ng mga kaloob na 'yun, Pentecostal kong kaibigan, napaghahalo-halo n'yo ito. Ang mga kaloob ay nasa iglesya, ilalim sa kaninumang tao sa iglesya, sinuman na nabautismuhan na papasok sa Katawan. "Sa pamamagitan ng isang Espiritu tayong lahat ay nabautismuhan." At ang sabi ng Biblia . . .

"Buweno, may kaloob ako ng pagpapagaling."

<sup>76</sup> Buweno, sinabi ng Biblia, "Ipahayag ninyo ang inyong kamalian sa isa't isa, at magpanalanginan sa isa't isa." Bawat tao'y manalangin sa isa pa. Hindi tayo hating grupo; tayo'y sama-sama, tinipong grupo. Kita n'yo?

Ngayon, at diyan kung minsan nakakakilos ang mga demonyo.

<sup>77</sup> Ngayon tingnan n'yo ang sinabi ni Pablo, "Kung may isa na magsasalita sa ibang wika at ang isa'y magpaliwanag, at anumang sabihin niya, ay subukin muna bago ito maaaring tanggapin ng iglesya."

<sup>78</sup> Ngayon, di nga 'yun pagsisipi sa Kasulatan, o kung anong iba na parang ganoon. Hindi inuulit ng Diyos ang Kanyang Sarili. Pero 'yun nga'y magiging isang babala sa iglesya. Pagkatapos kung sabihin ng mabuting tagasubok, "Tanggapin natin 'yan." Buweno, sa Panginoon nga ito. Sasabihin ng pangalawa, "Tanggapin natin ito." "Sa bibig ng dalawa o tatlong saksi, ay mapagtibay nga ang bawat salita." Pagkatapos tatanggapin ito ng iglesya at maghahanda para rito. Kung di 'yun mangyari, ang bagay na sinabi, kung ganoon nakapasok ang masamang espiritu sa kalagitnaan n'yo. Ganoon nga. At kung mangyari naman, kung ganoon salamat sa Diyos, ang Espiritu ng Diyos ay nasa kalagitnaan n'yo. Kita n'yo? Ngayon, diyan n'yo nga kailangang magmatyag at maging maingat. Kaya, huwag n'yong subukang ipagpilitan. Hindi ko mapupwersa ang sarili ko na magkaroon ng tsokolateng mga mata samantalang asul ang mayroon ako, kita n'yo, kinakailangan kong malugod sa pagkakaroon ng asul

na mga mata. Ngayon, diyan kumikilos ang mga demonyo sa kalagitnaan ng mga espirituwal na tao.

<sup>79</sup> Ngayon may parating tayo ritong malalim na bagay, at umaasa ako na di ito masyadong malalim. Ngayon doon sa Unang Samuel 28, nais kong bumasa ng ilang Kasulatan dito sa oras na ito. Nais kong makinig kayong mabuti. At nais kong talakayin ang “mga demonyo,” ipakita sa inyo kung paano sila nakakakilos sa loob ng simbahan, at kung papaanong si Satanas ay may imitasyon sa bawat totoo na mayroon. Ngayon makikita n’yo, ayon sa Biblia, na ang mga demonyo’y nagtutungo sa kalagitnaan ng mga Cristiano’t nanggagaya sila.

<sup>80</sup> At maraming beses na dinedeklara natin ang mga tao na Cristiano sila kapag nagsasabi sila, “Naniniwala ako kay Jesus Cristo.” Aba, ang mga diyablo’y naniniwala rin sa parehong bagay, at nanginginig pa. Hindi ’yan tanda na ligtas kayo. Isa sa mga gabing ito gusto kong talakayin ang pagkahirang, at pagkatapos makikita n’yo kung anong ibig sabihin ng pagliligtas. Kita n’yo? Bagay ’yun na wala kayong kinalaman na gagawin ukol dun, sa una, o sa huli man, o bagay na may magagawa kayo ukol dun. Inililigtas ng Diyos ang isang tao, nang walang kondi-kondisyon. Naku, tumimo nga ’yan nang malalim, hindi ba? Ngayon, mabuti sigurong alisin n’yo ’yun sa sistema n’yo, habang nandito tayo. Buweno.

<sup>81</sup> Si Abraham ang pasimula ng ating pananampalataya. Tama ba? Oh, may taglay na pangako si Abraham. At tinawag ng Diyos si Abraham dahil isa ba siyang dakilang tao, sa palagay ko? Hindi, po. Galing siya ng Babilonia, sa—sa lupain ng Caldeo, sa siyudad ng Ur, at tinawag siya ng Diyos at nakipagtipan Siya sa kanya, nang walang kondi-kondisyon. “Iiligtas Kita. At hindi lang ikaw, Abraham, pati ang iyong Binhi,” nang walang kondi-kondisyon.

<sup>82</sup> Gumawa ang Diyos ng isang tipan sa tao, at sumisira ang tao sa kanyang tipan sa tuwina; hindi magawa ng tao na maingatan ang kanyang tipan sa Diyos (hindi nasusunod ang batas; hindi nila mapanatiling sumunod sa batas; dumating si Cristo at sinira ang batas, Mismo.) dahil naglaan na ng isang tagapagligtas ang biyaya, si Moises, naglaan na ng daan para makatakas, at pagkatapos ’yun, o pagtakas ang ibig akong sabihin, at pagkatapos ang mga tao, matapos ’yun, nais pa rin nila na mayroon silang bagay na gagawin. Sa tuwina’y sumusubok ang tao na gumawa ng bagay para iligtas ang kanyang sarili, samantalang di n’yo kayang gawin. Kalikasan ito ng tao. Noong masumpungan nga niya na siya’y hubad, doon sa halamanan ng Eden, gumawa siya ng mga panaping gawa sa dahon ng igos. Tama ba? Pero nalaman nga niya na di ’yun uubra. Walang magagawa ang tao para iligtas ang inyong sarili. Inililigtas kayo ng Diyos, nang walang kondi-kondisyon, sa lahat ng mga kapanahunan. At kapag kayo’y ligtas, kayo nga’y ligtas.

<sup>83</sup> Tingnan n'yo si Abraham. Doon nga'y ang lalaking ito, ay nagtungo, at ibinigay sa kanya ng Diyos ang lupain ng Palestina at sinabi sa kanya na huwag umalis dun. Alinmang Judio na aalis ng Palestina'y tumalikod. Ibinilin sa kanya ng Diyos na manatili roon. Kung sasabihin sa inyo ng Diyos na gumawa ng kung anong bagay, at hindi n'yo gagawin, hayan nga na kayo'y tumalikod. Tama ba? Buweno, isang tagtuyot ang dumating, para subukin ang pananampalataya ni Abraham. At sa halip na manatili roon si Abraham, hindi, hindi niya magawang manatili, umalis siya, at isinama si Sarah at naglakbay nang mga tatlong-daang milya (kung may oras lang sana ako para talakayin 'yan) patungo sa ibang lupain.

<sup>84</sup> At noong makarating siya roon, at pagkatapos nga'y may dakilang hari sa dako roon, si Abimelech. Isa siyang batang-batang lalaki at siya'y naghahanap ng kasintahan, kaya nakita niya ang asawa ni Abraham, si Sarah, at nahulog ang loob niya sa kanya. Tapos sabi ni Abraham, "Ngayon, sabihin mo sa kanya na kapatid na babae kita at kapatid na lalaki mo ako."

<sup>85</sup> Nalugod dun si Abimelech, kaya ang sabi niya, "Sige, dadalhin namin siya sa palasyo." At sa palagay ko inayusan si Sarah ng mga kababaihan, at pakakasalan siya sa kasunod na araw.

<sup>86</sup> At si Abimelech ay isang mabuting tao, isang matuwid na lalaki. At noong gabi na 'yun, habang natutulog siya, nagpakita ang Panginoon sa kanya at nagsabi, "Ikaw nga'y patay na na maituturing." Sabi niya, "Ang lalaki . . . Ang babae na kinuha mo roon para pakasalan, ay asawa ng ibang lalaki." Ngayon masdan n'yo. "Asawa ng ibang lalaki."

<sup>87</sup> Aba, sabi niya, "Panginoon, nalalaman Mo ang katapatan ng puso ko," isa nga siyang matuwid, banal na lalaki. "Batid Mo ang katapatan ng puso ko. Sinabi kasi sa akin ng lalaking 'yun na siya'y kanyang 'kapatid na babae.' At hindi ba't sinabi niya, mismo, na 'yun ay 'kapatid kong lalaki'?"

<sup>88</sup> Sabi Niya, sabi ng Diyos, "Batid Ko ang katapatan ng puso mo, at 'yan ang dahilan kung bakit pinipigilan Ko na magkasala ka laban sa Akin. Anupa't propeta Ko ito!" Hallelujah!

<sup>89</sup> Ano noon si Abraham? Tumalikod, at isang munting, sinungaling na manlilinlang. Tama ba? Oh, hindi, wala ngang mumunting puting kasinungalingan. Alinman sa itim na kasinungalingan mismo o hindi kasinungalingan. Nakaupo ang lalaking 'yun dun na nagsasabi ng tahasang kasinungalingan, na sinasabing si Sarah raw ay "kapatid na babae" niya samantalang asawang babae niya ito, nagpaliguy-ligoy, at tumalikod.

<sup>90</sup> At heto ang isang lalaki na nakatayo sa harap ng Diyos, at nagsabi, "Panginoon, batid Mo ang aking puso."

<sup>91</sup> “Ngunit di Ko didinggin ang iyong panalangin, Abimelech, bagkus dalhin mo siya . . . ibalik mo siya at hayaan mong siya ang manalangin para sa iyo. Siya’y propeta Ko; pakikinggan Ko siya.” Siyanga, isang tumalikod, sinungaling, pero, “Yan ang propeta Ko.” Katotohanan ba? Yan ang Biblia.

<sup>92</sup> Ngayon, huwag kayong masyadong magpakalabis-labis dito sa panig ng Calvinistic, “Minsang nasa grasya, laging nasa grasya,” dahil mapapadpad kayo sa disgrasya. Kita n’yo? Ngayon, pansumandali lang po, gugugol tayo ng panahon sa sanlinggong ito para talakayin ’yan at ipapakita sa inyo kung paano ang balanse ukol dito. Pero huwag n’yong isipin na dahil may nagawa kayong bagay na mali ay napahamak na kayo magpakailanman. Anak kayo ng Diyos, kayo’y mga anak na lalaki’t mga anak na babae ng Diyos, at magpapatotoo mismo ang mga bunga. Hayan nga kayo.

<sup>93</sup> Ngayon, nandito tayo, nasa lupain. Ngayon, nais kong basahin dito, ang ika-6 na talata.

*At nang magusisa si Saul sa PANGINOON, ay hindi siya sinagot ng PANGINOON, maging sa panaginip man, ni sa Urim man, ni sa pamamagitan man ng isang propeta.*

*At nang magkagayo’y sinabi ni Saul sa kaniyang mga lingkod, Ihanap ninyo ako ng isang babae na nakikipagsanggunian sa masamang espiritu, upang ako’y pumaroon sa kaniya, at magusisa sa kaniya.*

May mailalatag nga ako rito, sa paksa lang na . . . “Ihanap n’yo ako ng isang babae na nakikipag-ugnayan sa masamang espiritu.”

*. . . At ang kaniyang lingkod ay nagsabi sa kaniya, Narito, may isang babae na nakikipagsanggunian sa masamang espiritu sa Endor.*

*At hindi nagpakilala si Saul, at nagsuot ng kasuotan, ibang kasuotan, at naparoon siya, dalawang . . . at ang dalawang lalake na kasama niya, at sila’y dumating sa babae nang kinagabihan: at kanilang sinabi, isinasamo ko sa iyo, . . . -laan mo ako sa pamamagitan ng iyong sinasangguning espiritu, at iahon mo sa akin . . . iahon, sinomang banggitin ko sa iyo.*

*At sinabi ng babae sa kaniya, Narito, iyong nalalaman ang ginawa ni Saul, nalalaman, kung paanong kaniyang inihwalay lahat ng mga nakikipagsanggunian sa masamang espiritu, at . . . mga manghuhula, sa lupain: kaya naman . . . bakit nga ipinaglalagay mo ng silo ang aking buhay, at upang ipapatay ako?*

*At sumagot si Saul sa kaniya, sumumpa sa pamamagitan ng PANGINOON, na sinasabi, Buhay ang PANGINOON, wala ngang parusang mangyayari sa iyo. . .*

*Nang magkagayo'y sinabi ng babae, Sinong iaahon ko. . . sa iyo? At kaniyang sinabi, Iahon mo si Samuel sa akin.*

*At nang makita ng babae si Samuel, ay sumigaw nang malakas na tinig ang babae: at nagsalita ang babae kay Saul, na sinasabi, Bakit mo ako dinaya? sapagka't ikaw ay si Saul.*

*At sinabi ng hari sa kaniya, Huwag kang matakot: sapagka't anong iyong nakikita? At sinabi ng babae kay Saul aking. . . kay Saul, aking nakikita'y mga dios na lumilitaw sa lupa.*

*At kaniyang sinabi sa kaniya, Ano ang kaniyang anyo? At sinabi niya, Isang matandang lalake ay lumilitaw; at siya'y nabibilot ng isang balabal. At si Sam-. . . (Hayun nga ang balabal ng propeta, siyanga. Kita n'yo?). . . nakilala na si Samuel, at siya'y tumayo sa. . . at yumukod sa lupa, at nagbigay galang.*

*At sinabi ni Samuel kay Saul, Bakit mo binagabag ako, at pinaahon ako? At sumagot si Saul, at nagsabi, Ako'y totoong naliligalig; sapagkat ang mga Filisteo ay nangdidigma laban sa akin, at ang Dios ay humiwalay sa akin, at hindi na ako sinasagot, kahit sa pamamagitan ng propeta, ni ng panaginip man: kaya aking. . . tinawag nga kita, upang iyo ngang maipakilala sa akin kung ano ang aking narapat na gagawin.*

*At pagkatapos sinabi ni Samuel, Bakit. . . nga nagtatanong ka. . . sa akin, dangang ang PANGINOON ay humiwalay na sa iyo, at—at naging iyong kaaway?*

*At ang PANGINOON ay ginawa sa kanya, ang gaya ng sinalita niya sa akin: yamang ang PANGINOON ay inihawalay ang kanyang kaharian sa iyong kamay, at ibinigay nga sa iyong kapuwa na sa makatuwid baga'y. . . kay David:*

<sup>94</sup> Ngayon, marami sa inyo, ang pamilyar na rito. Ngayon nais nating tumugaygay na mismo, at tulongan nawa tayo ng Diyos ngayon, para sa pansumandaling ito, para matalakay ito. Ngayon masdan. May isang lalaki, si Saul, na minsang kinonsidera na isang propeta, dahil nagpropesiya siya kasama ang mga propeta. Tama ba, mga tagapagturo? Ngayon, heto ang lalaki na tumalikod. Tama ba? Pero alalahanin n'yo kung saan sinabi ni Samuel na siya'y paroroon, kasama siya, sa kasunod na araw. Maaga'y mawawala, kita n'yo. Buweno, kung di n'yo

pahahalagahan ang Diyos, aalisin kayo ng Diyos mula sa lupang ito.

<sup>95</sup> Tingnan n'yo sa sulat sa Mga Taga-Corinto roon, kung papaanong isinaayos ni Pablo ang mga tao roon. Ang sabi niya, “Unang-una, pinasasalamat ko ang Diyos para sa inyo, na walang ganoong bagay sa kalagitnaan n'yo, at kung ano pa, at kung paano na—na hindi kayo nagkulang sa anumang espirituwal na kaloob.” Na sinasabi niya sa kanila kung ano sila, sa pagkakaposisyon, kay Cristo. Pagkatapos sinimulan niyang ibagsak ang martilyo sa kanila, sinabi sa kanila ang tungkol sa mga babaing mangangaral nila, at kung paano ang kanilang mga gawi, at kung papaanong kumakain sila sa dulang ng Panginoon.

At may isa pa ngang lalaki na nakikisama sa kanyang madrasta, at ang sabi niya sa lalaking ito kay Cristo, “Ibigay siya kay Satanas, para sa ikawawasak ng kanyang laman, nang sa gayon ang kanyang kaluluwa ay maligtas.” Kita n'yo, ganoon nga, ibigay siya. Ang sabi ng Biblia, “Dahil dito'y marami sa inyo ang mahihina at mga masasakitin, at marami ang nangatutulog,” maagang yumao dahil sa kasalanan. Kung kukunin kayo ng Diyos sa paraan na 'yan; isang mainam na tanda 'yan na kayo'y Cristiano, kung kayo'y kunin.

<sup>96</sup> Kaya, ngayon pansinin n'yo rito, si Saul ay kinonsidera noon bilang isa sa mga propeta, o sa kalagitnaan ng mga propeta, dahil siya'y nagpropesiya. At ngayon siya'y tumalikod, dahil sinuway niya ang Diyos, at ang kanyang kaharian ay inihiwalay mula sa kanyang mga kamay at inilagay sa kamay ni David, na pinahiran ng Diyos sa pamamagitan ni Samuel, nang sisidlan ng langis.

<sup>97</sup> Pansinin, tapos, may tatlong paraan sila noon para masumpungan kung ang mga bagay ay mula sa Diyos; ang una ay—ay propeta, ang pangalawa ay panaginip, at ang pangatlo ay Urim ng Thummim. At ayaw tumugon ni isa man sa mga ito. Ngayon, alam n'yo na kung ano ang propeta, alam n'yo kung ano ang isang espirituwal na panaginip, at alam n'yo kung ano ang Urim ng Thummim. Alam n'yo, noong isang araw tinanong ko ang isang—isang lalaki kung ano ang Urim, at di sa akin masabi nung lalaki kung ano 'yun, 'yung Urim ng Thummim. Hayan nga, na ang Diyos ang tumutugon sa pamamagitan ng mga ito. Kita n'yo?

<sup>98</sup> At gumagawa ang diyablo ng imitasyon ng bawat isa sa mga ito; ang manghuhula, ang bulaang propeta, at ang mga nagbobolang-kristal. Kita n'yo?

Ngayon, 'yung Urim ng Thummin ay nakasakbat noon sa dibdib ni Aaron, *dito*, at 'yung Urim ng Thummim ay nababalutan ng mga batong 'yun. At isinasabit nila 'yun sa templo. At kapag di sila sigurado, dudulog sila sa harap ng Diyos, para sa sagot, at may ilaw na kikislap dun sa Urim ng Thummim na 'yun, na, kung ito ba'y kalooban ng Diyos, o hindi.

Ngayon, kapag ang Urim ng Thummim ay di sasagot . . . Ngayon, 'yun nga'y direktang sagot mula sa Diyos.

Ngayon, ang Urim ng Thummin ng panahon ngayon; ang manghuhula nga ng kapalaran ay kukuha ng bolang kristal, para kopyahin Yun; isang huwad na bagay. Ang Diyos ay nasa tatluhan; ang mga kapangyarihan ng Diyos ay nasa tatluhan. At ang diyablo'y nasa tatluhan, at ang kanyang mga kapangyarihan ay nasa tatluhan. At mapapatunayan ko 'yan sa pamamagitan ng Biblia. At 'yung Urim at Thummim na 'yun, ang . . . ay bolang kristal nga ang ginagamit ng diyablo sa panahon ngayon. At ang bulaang propeta rito ngayon, 'yung mayroon tayo ngayon, ay, o, ang mangkukulam, o ang manghuhula ng kapalaran doon, kinuha nga nila ang lugar ng propeta, sa panig ng diyablo. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

<sup>99</sup> Ngayon, pagkatapos, ang Urim ng Thummim sa panahon ngayon ay ang Bibliang ito. Kung may isa na nabigyan ng isang propesiya o isang panaginip, at di ito humahambing o umaalingawngaw sa Biblia ng Diyos, ito'y huwad. Huwag n'yo itong paniwalaan.

<sup>100</sup> May lalaki na lumapit sa akin di pa katagalan, mula India, kung saan ako nakahandang magpunta, isang mainam na munting mangangaral. Sabi niya, "Kapatid na Branham, nagpunta ako rito." Sabi, "Isang babae ang may Espiritu Santo, at," sabi, "siya nga'y kalugod-lugod talaga't, ubod ng bait na babae." Sabi niya, "At siya'y nakapag-asawa nang apat na beses, at pumipisan sa kanyang ikaapat na asawang lalaki. Tapos sabi ko, 'Buweno, papaanong nangyari 'yun, Panginoon?'" Tapos sabi, "Dumulog ako sa Diyos at sinabi ko, 'Oh, luwalhati sa Diyos!' Sabi, 'Hallelujah! Purihin ang Panginoon!'" Parang isa nga sa mga ganoon, alam n'yo na. "Sabi, 'Hallelujah! Purihin ang Panginoon!'" Sabi, "Sinabi sa akin ng Panginoon, 'Heto, bibigyan Kita ng isang panaginip.'" Tapos sabi, "Nanaginip ako na ang asawang babae ko, nakita ko siya na namumuhay sa pangangalunya. Tapos bumalik 'yung asawa ko at nagsabi, 'Oh, mapapatawad mo ba ako, Victor? Mapapatawad mo ba ako? Hindi ko . . . 'Aba,' sabi ko, 'tunay, mapapatawad kita at tatanggapin kita uli.'" Sabi niya, "Ngayon, 'yun ang ginawa ko." Sabi, "Kita mo, pinatawad ko."

<sup>101</sup> Sabi ko, "Victor, kaaya-aya ang panaginip mo, pero ang diyablo ang may bigay nito sa'yo."

Sabi niya, "Bakit?"

<sup>102</sup> Sabi ko, "Hindi kasi humahambing sa Salita ng Diyos. Namumuhay siya sa pangangalunya. Ganap nga. Hindi siya maaaring makisama sa apat na lalaki. Tama. Kung iiwan niya 'yun at babalikan ang kanyang una, mas masahol pa siya kaysa noong simula niya. Kinakailangan niyang mamuhay nang walang kinakasama, sa buong buhay niya." Sabi ko, "Alam mo



na di 'yan humahambing sa Salita ng Diyos. Kaya siya . . . Ang panaginip mo ay huwad.” Sabi ko, “Hindi kasi humahambing Dito.”

<sup>103</sup> At kapag ang isang propeta’y maglalahad ng propesiya, at magsasalita sila, at titingnan kung ang propesiya na 'yun ay totoo, ihaharap nila ito sa Urim ng Thummim. At kung ang Tinig ng Diyos ay magpapaaninag ng mga liwanag sa Urim ng Thummim, kung ganoon ito’y ganap, na Katotohanan. At kung ang isang tao’y magbibigay ng interpretasyon, maglalahad ng panaginip, maglalahad ng bagay sa Biblia, at, o kung anong bagay, at kung di ito humahambing sa Biblia ng Diyos, ito’y huwad. Yan ang Urim ng Thummim sa panahon ngayon. Nangungusap nga ang Salita ng Diyos, at direktang Tinig 'yan ng Diyos, gaya ng Urim ng Thummim bago pa noon naisulat ang Biblia. Amen! Hallelujah! Pakiramdam ko nga’y napupuspos ako ngayon. Huwag n’yo pong isipin na panatiko ako, kung naiisip n’yo. Alam ko, alam ko kung nasaan ako. Hindi ako emosyunal. Siyanga.

<sup>104</sup> Heto ang Katotohanan, Salita ng Diyos! Wala akong pakialam kung ano mang uri ng panaginip ang nagkaroon ka, o anong uri ng propesiya ang nailahad mo, kung wala ito sa Salita ng Diyos, mali ito, kung di ito humahambing sa Salita na 'yun. Yan ang problema sa panahon ngayon. Ang isa’y magkakapanaginip, ang isa’y magkakatangitain, ang isa’y makakapagsalita ng iba’t ibang wika, at isa’y magkakaroon ng kapahayagan; napaglabo-labo nito ang buong bagay at lahat na, nagkaroon kayo ng mga denominasyon at pinagwatak-watak ang lahat. Kinakailangan n’yong maibalik ito sa ganap na pundasyon, at 'yun ang Salita ng Diyos. Tootoo 'yun.

<sup>105</sup> May mga iglesyang itinayo sa ganito, na sasabihin, “Oh, si Jesus ay darating sakay sa isang puting kabayo. Alam ko. Nakita ko Siya sa isang pangitain.” Gumagawa sila ng iglesya na ganoong uri. “Oh, hallelujah! Darating Siya sa ibabaw ng isang ulap.” Ginagawa nila 'yun na ganoong uri. Ipagwawatak, at paghihiwalayin, at babansagan ang iba na “dapuan ng buwitre,” at “tambayan ng kuto,” at sari-sari pang gaya nun. Naku, kapatid, ipinapakita lang n’yan, unang-una, na ang puso n’yo ay hindi tama sa Diyos kapag gagawin n’yo ang ganyan. Tama. Tayo’y magkakatapatid. Marapat sa atin na maglalakip-lakip tayo. Kailangan natin ang isa’t isa.

<sup>106</sup> Ngayon tingnan n’yo. Tumulikod si Saul, at humayo siya. Siya, ang Diyos, ay ibinaling na palayo ang Kanyang mukha mula sa kanya. At pumunta siya’t sumangguni sa mga propeta. Nagtungo ang mga propeta’t sinubukang magpropesiya, at pinutol ng Diyos, ayaw Niyang magbigay ng pangitain. Lumabas ang propeta, sabi, “Hindi ko magawa. Hindi. Ayaw Niyang magsabi ng anuman sa akin tungkol sa iyo.”

107 Buweno, pagkatapos ang sabi niya, “Panginoon, bigyan Mo ako ng isang panaginip.” Lumipas ang gabi’t mga gabi, walang dumating na panaginip.

108 Pagkatapos nagtungo siya sa Urim ng Thummim, at sabi niya, “Oh Diyos! Sinubukan ko na ang mga propeta, sinubukan ko na ang mga panaginip, ngayon Iyong tulungan ako. Maaari Mo bang gawin?” Talagang putol, walang Mga Liwanag na kumislap.

109 Pagkatapos bumaling siya sa isang mangkukulam, mababa’t, kahiya-hiya. At nagtungo siya sa kanya, at gumapang dun at nagbalat-kayo. At lumabas ang mangkukulam dun at tinawag ang espiritu ni Samuel.

110 Ngayon, alam ko ang iniisip n’yo. Marami ang nagsasabi, “Hindi ’yun si Samuel.” Pero sinabi ng Biblia na si Samuel ’yun, at si Samuel nga. Kakatwa nga na mahagip n’yo ’yun, hindi ba? Pero si Samuel nga. Sinabi ng Biblia mismo.

111 At natatawag nga siya nung mangkukulam, at tinawag niya si Samuel. At si Samuel ay nasa ibang dako, pero may kamalayan sa kung anong nangyayari, at naroon siya na nakabalabal pa rin ng propeta. Kaya, kapatid, kapag kayo’y namatay, hindi kayo patay, kayo’y nabubuhay lang sa isang dako, sa ibang dako.

112 Hayaan n’yong huminto muna ako pansumandali, para linawin itong demonolohiya nang kaunti. Isa siyang demonyo, pero may malapit siyang kaugnayan sa daigdig ng espiritu. Ngayon, sa panahon ngayon, maraming espirituwalista na mas maalam pa mismo tungkol sa espirituwal na daigdig kaysa sa mga tao na nagsasabing mga Cristiano raw sila, gayong siya’y isang demonyo. Sa panahon noon sa Biblia ay ganoon din.

113 Noong narito si Jesus sa lupa, may mga nag-aangkin na mga iskolar at mga guro, ilan pa nga mismo sa pinaka magagaling na mayroon noon, na nakapag-aral sa mas maiinam na mga seminaryo na maibubunga sa panahon ngayon. At banal pa nga’t, kilalang kalalakihan, marapat nga na ganoon sila. Kung susumpungan ang isang Levita, kinakailangan siyang masumpungan na walang kapintasan, matuwid sa bawat paraan. At sa kabila nun ang lalaking ’yun ay mas walang kaalam-alam tungkol sa Diyos kaysa sa isang kuneho na may kaalaman tungkol sa sapatos na pangniyebe. Noong dumating si Jesus, bigo siya na mapagkilala Siya, at tinawag pa nga niya si Jesus na isang “diyablo.” Ang sabi niya, “Isa Siyang Beelzebub, ang prinsipe ng diyablo.” Tama ba?

114 At hetong parating ang pinaka mababang uri ng demonyo, na tinalian ang isang lalaki doon sa ibayo ng mga libingan, at lahat, at tumawag sila. Sinabi mismo ng diyablo, “Nakikilala namin kung Sino Ka. Ikaw ang Anak ng Diyos, ang Isang Banal.” Tama ba? Hayan nga ang mga salamangkerō’t salamangkera, mga diyablo, na napagkikilala Siya na Anak ng Diyos; habang

'yung mga edukado't, mangangaral ng seminaryong teolohiya'y ang pagkilala sa Kanya'y Beelzebub. Alin ang tama, ang diyablo ba o ang mangangaral? Ang diyablo nga. At, kapatid, hindi nga gaanong nagbago sa panahon ngayon. Hindi nila napagkikilala ang kapangyarihan ng Diyos.

<sup>115</sup> Kahit na gaano pang pagtuturo ang makuha mo, pukpukin man nang pukpukin sa iyo. Ang Diyos nga'y wala sa magagarbong mga salita. Ang Diyos ay nasa isang matapat na puso. Maaaring makatayo kayo rito, mangungusap ng magagarbong salita, gaya ng di ko alam kung ano, haya't di nga n'yan kayo mailalapit sa Diyos. Maaari kayong tumayo at magpakadalubhasa sa kung papaano bibigkasin ang inyong pangangaral at sasabihin ang mga bagay-bagay na ito, hindi nga n'yan kayo mailalapit sa Diyos. Maaari n'yong aralin ang diksyunaryo hanggang sa pagtulog n'yo ay katabi n'yo ang isa, at hindi pa rin kayo n'yan mailalapit sa Diyos. Ang isang mapagpakumbaba't, naisukong puso, sa kasimplehan, ang makapagdadalubhasa sa inyo sa Diyos. At totoo 'yan. Amen! Isang mapagpakumbang puso, 'yan ang ibig ng Diyos. Ngayon, kahit na gaano pang di n'yo alam ang inyong ABC, wala ngang kaso 'yun. Isang mapagpakumbabang puso lang! Ang Diyos ay nananahan sa isang mapagpakumbabang puso; hindi sa edukasyon, hindi ito sa mga eskuwelahan, hindi sa teolohiya, mga seminaryo, hindi sa lahat ng iba't ibang lugar na ito; hindi sa magagarbong salita, o hindi sa primera klaseng mga lugar. Ang Diyos ay nananahan sa puso ng tao. At sa mababa na maibaba n'yo ang sarili n'yo, na mas simple, kayo nga'y magiging mas dakila sa paningin ng Diyos.

<sup>116</sup> Hayaan n'yong bigyan ko kayo ng isang pagsasalarawan. Nakikita ko ang mga sakahan n'yo rito na puno ng trigo. Ang isang tigib na ulo ng trigo'y laging nakayuko. Ang munting matandang tangkay ay nakatayo, at paugoy-ugoy na parang nalalaman nito ang lahat ng bagay, pero wala namang kalaman-laman ang ulo. Ganyan na ganyan nga ang marami sa mga kalalakihang ito na iniisip nila na napakarami nilang laman sa kanilang ulo, at wala namang laman ang kanilang puso, siyanga. Ang isang banal na ulo'y yuyuko at yuyuko sa Kapangyarihan, kikilalanin si Jesus Cristo bilang Anak ng Diyos, at sasampalatayanan ang Kanyang mga gawa.

<sup>117</sup> "At Siya'y siya pa rin, kahapon." Oh, napagkikilala nila Siya, tunay nga, sa pananaw ng kasaysayan. Pero hindi ito isang bagay ng kasaysayan. May mga tao na tatayo at sasabihin, "Oh, naniniwala naman ako sa Pentecostes, noong nagkaroon sila ng dakilang apaw-apaw na pagbuhos at mga bagay na gaya nun," tapos magpipinta ng isang apoy. Hindi nga maiinitan ng isang ipinintang apoy ang isang nanlalamig na tao. Hindi nakakapagpinit ang isang ipinintang apoy. Ganoon sila noon. Ano ito ngayon, kung Siya'y siya pa rin kahapon, ngayon

at magpakailanman? Ipinintang apoy lang 'yan. May halos mamatay na nga sa lamig, sasabihin, "Tingnan n'yo 'yung malaking apoy na mayroon sila." Aba, hindi ka nga n'yan mapapainitan.

<sup>118</sup> Kung ano ang ginawa nila noong Pentecostes, kung ano ang kamit nila sa naunang Tipan, kamit-kamit din natin ngayon! At kapag maplantsa na ng Diyos ang bagay na 'yun, at mailagay sa kaayusan ang Iglesya, darating na ang Pag-agaw. Pero di nga tayo makapagkamit ng pananampalataya para sa Makalangit na pagpapagaling, paano pa kaya para sa Pag-agaw, siyanga't dahil sa ganap na balu-baluktot tayo, 'yung isa ay sa gawing *paganito* at 'yung isa ay sa gawi namang *paganoon*. "Sinasabi ni Doktor *Ganito-at-ganoon* na Ito raw ay *ganito*. Buweno, sinasabi ng mangangaral ko na Siya raw ay *Ganito*."

<sup>119</sup> Kamakailan lang, isang babae ang nagsabi, "Isa lang daw siyang namemeke." Sabi, "Sinabi mismo ng pari ko." Sana makapunta rito ang pari niya maski isang beses, titingnan natin kung sino ang namemeke. Siyanga. Titingnan natin kung sinong namemeke. Pumunta nga't subukan mismo.

<sup>120</sup> Dito di pa katagalan, sa Harlingen, Texas, nagdadaos kami ng isang gawain doon. At may naglalakihang mga karatula sila, sa labas ng mga kotse noong gabi na 'yun noong pumunta ako roon, ang sabi'y naroon daw ang FBI para ilantad ako bilang isang namemeke. Hayan nga na may isang munting batang babae na gumaling sa Texas doon sa kung saan. Taga-roon siya sa malayo, at, sa tingin ko—sa tingin ko, mga sanlibong milya, doon sa may Panhandle. At dito 'yun sa Harlingen, doon banda sa hangganan. Pumunta si Kapatid na Baxter, sabi, "Kapatid na Branham," sabi, "di ka pa nakakakita ng ganoong kagulo sa dako roon, nasa apat na o limang libo ang mga tao roon." Tapos sabi, "At pagkatapos, sa buong palibot nun, huhulihin ka raw ng FBI sa ibabaw ng entablado mamayang gabi, at ilalantad ka raw."

Sabi ko, "Buweno, ikinagagalak ko 'yun."

<sup>121</sup> Sabi, "Alam mo ba 'yung munting batang babae na pinagaling nung isang gabi?"

<sup>122</sup> Pauwi ako noon galing. . .papasok ako sa silid ko. May narinig akong umiiyak, at tumingin ako sa paligid. Sa isip-isip ko baka may sinaktan. Isa 'yung munting kabataang babae. At lumingon ako. Sabi ko. . . Tapos bumaling ako, sabi ko, "Anong problema, Madam?" At dalawang munting kabataang babae ang nakatayo roon, mga labimpito, labing-walong taong gulang, bawat isa, magkaakbay sila sa isa't isa, umiiyak.

<sup>123</sup> Sabi, "Kapatid na Branham!" Nalaman ko agad na kilala nila ako. Sabi, "Kami, isinama ko siya hanggang dito." Sabi, "Kailangan na siyang dalhin sa institusyon ng mga baliw." At 'yung munting kabataang babae'y nasa pagtitipon ko pala

noon sa Lubbock, Texas. At sabi, “Alam ko na kung maisama ko siya rito at maipapanalangin mo siya, naniniwala ako na pagagalingin siya ng Diyos.”

<sup>124</sup> Buweno, sa isip-isip ko, “Grabeng pananampalataya!” Tapos sabi ko, “Buweno, ngayon, kapatid na babae, magagawa mo ba siyang . . .” At doon nga mismo’y ang sabi ko, “Nagpunta kayo rito sakay sa isang dilaw na roadster, hindi ba?”

Sabi, “Opo!”

Tapos sabi ko, “Lumpo ang iyong nanay.”

Sabi niya, “Tama po.”

Sabi ko, “Kasapi ka sa iglesyang Methodist.”

Sabi niya, “Totoo po ’yun.”

<sup>125</sup> Tapos sabi ko, “Sa pagbibiyahе n’yo papunta rito, halos tumaob kayo. Ikaw at ang dalagitang ito ay nagtatawanan pa noong sumapit kayo sa bahagi na kalahating semento at kalahating aspalto, at paparating kayo noon sa kurbada.”

Sabi niya, “Kapatid na Branham, totoo po ’yan!”

Sabi ko, “At, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ang dalagita’y pinagaling na.”

<sup>126</sup> Noong sumunod na araw pinaliyab niya ang buong bayan, ikinukuwento sa lahat, lumilibot na sinasaysay ang tungkol dun. Hayan nga, na di nila siya kilala roon, kung siya ba’y nasa ganoong kondisyon noon o hindi. At pagkatapos noong araw ding ’yun aking . . . Sabi ni Kapatid na Baxter, “Kapatid na Branham,” sabi, “ang mga kabataang babaing ’yun ay nag-iimpake na ng kanilang maleta.” At ito ’yung isang bagay na di niya alam. Yung pinansyal naming kalagayan noon ay mababa na. Hindi ko nga pinasasabi sa kanya ang tungkol dun. Pero ’yung isa sa mga kabataang babae’y naglagay ng siyamnaraang dolyar sa—sa kaloob nung gabi bago ’yun, at pinataas nun ’yung aming pinansyal. Ngayon, hindi niya alam, hindi niya alam maging hanggang sa araw na ito, pero alam ko. Kita n’yo? Na ako . . . Sinabi sa akin ng Diyos na magiging maayos ang lahat.

<sup>127</sup> At ang sabi ni Kapatid na Baxter, “Kapatid na Branham,” sabi, “maigi siguro kung pahintulutan mo ako na mangolekta nang kaunti.” Sabi, “Narito nga sila na mga Makalangit na tagapagpagaling dito na nangongolekta sa mga tao rito.”

<sup>128</sup> Sabi ko, “Walang kokolektahin. Hindi, po. Huwag mong gawin ’yun. Kapatid na Baxter, kapag mangongolekta ka ng salapi na gaya n’yan, ’yan ’yung panahon na ikaw at ako’y magkakamay bilang magkapatid, hahayo akong mag-isa.” Kita n’yo? Sabi ko, “Huwag mong gagawin ang ganoon.” Sabi ko, “Ang Diyos ang nagmamay-ari ng bakahan sa ibabaw ng sanlibong mga burol, at ang lahat ay pagmamay-ari Niya. Ako’y pagmamay-ari Niya. Di Niya ako pababayaan.”

Sabi niya, “Sige.”

<sup>129</sup> At noong gabi ring ’yun ang sabi niya, “Kapatid na Branham, tingnan mo rito. May. . . Tingnan mo rito! Heto ang isang sobre rito, walang nakalagay na pangalan, may siyam na tig-iisangdaan na dolyar na papel sa loob. Sakto mismo sa pangangailangan natin para makaraos.”

Sabi ko, “Kapatid na Baxter.”

Sabi niya, “Patawarin mo ako.”

<sup>130</sup> Mangyari nga na alam kong ang kabataang babae ’yun. Kaya pagkatapos—pagkatapos nung sumunod na araw, ang sabi ni Kapatid na Baxter, “Kapatid na Branham, nandun sila na nag-iimpake ng kanilang mga damit, umiiyak.”

Sabi ko, “Anong problema?”

Sabi, “Pumaroon ka at makipagkita ka sa kanila.”

<sup>131</sup> Nagpunta ako sa silid kung nasaan sila. Sabi ko, “Sa aling silid sila?” Nagpunta ako roon at kumatok sa pinto. Narinig ko sila na umiiyak. Kumatok ako sa may pinto, at pumunta ’yung kabataang babae sa pinto, sabi niya, “Oh, Kapatid na Branham, pasensya na po.” Sabi niya, “Nakapagdulot ako sa’yo ng lahat ng abalang ito.”

Sabi ko, “Abala? Anong problema, kapatid?”

Sabi niya, “Oh, nabunsod ko ang FBI na habulin ka.”

Tapos sabi ko, “Oh, ganoon ba?”

<sup>132</sup> Sabi, “Opo.” Sabi, “Sa palagay ko nakapagpatotoo ako nang masyado sa palibot ng bayan, at lahat na.”

Sabi ko, “Hindi.”

<sup>133</sup> Tapos sabi niya, “Kapatid na Branham, naroon ang FBI, naroon, ilalantad ka raw mamayang gabi.”

<sup>134</sup> Sabi ko, “Buweno, kung ako—kung ako nga’y may ginagawa namang mali, kailangan ko talagang mailantad.” Kita n’yo? Sabi ko, “Tunay. Kung ang pangangaral ng Ebanghelyo’y kailangan mailantad, buweno, hayaan natin.” Kita n’yo? Sabi ko, “Aking—aking—aking ipinamumuhay ang Bibliang ito, at ang di nga sinasabi ng Bibliang ito. . . Ito ang depensa ko, nandiyan mismo.” Kita n’yo? Tapos sabi ko, at siya. . .

Sabi niya, “Buweno,” sabi, “Ako po’y humihingi talaga ng pasensya na nagawa ko ’yun.”

Sabi ko, “Di ka nakagawa ng anumang mali, kapatid.”

Sabi niya, “Buweno, hindi po ba kayo natatakot na magtungo roon?”

At sabi ko, “Hindi.”

Sabi niya, “Pero, nandun ang FBI.”

135 Sabi ko, “Buveno, napapunta ko na sila sa pagtitipon ko noon at naligtas sila.” Sabi ko, “Si G. Al Farrar . . .”

136 Si Kapitan Al Farrar, marami sa inyo ang nakakaalam ng pagbabagong-loob niya roon sa Tacoma, Washington, naligtas, doon sa asintahan ng baril. Dumalo siya sa pagtitipon, sabi niya, “Sinundan ko ang lalaking ito nang dalawang taon na. At narinig ko ’yung tungkol sa pinansyal, at minatyagan ko, at nagpunta sa kung saan-saan.” Tapos sabi, “Ito’y Katotohanan, hindi kayo nakikinig sa isang panatiko ngayong gabi, nakikinig kayo sa Katotohanan.” Sabi, “Isa sa kalalakhian sa kapulisan, pinatingin ko nga sa doktor ang kanyang anak at pinapila ito sa pila para sa pananalangin,” tapos sabi, “sinabi niya mismo sa bata kung ano ang suliranin sa kanya, at kung anong nangyari rito. Tapos sabi, ‘Sa walong araw makakabalik na ito sa eskuwelahan,’” polio ang kaso. Tapos sabi, “Sa ikawalong araw nakabalik nga sa eskuwelahan ang bata.” Sabi, “Minatyagan ko siya sa loob ng dalawang taon,” sa harap ng sampung libong katao. Naroon ’yun lahat sa . . . May litrato nga nun, nung pagtitipon na ’yun sa Seattle, sa—sa aklat n’yo. Sabi niya, “Nais kong malaman n’yo na hindi kayo nakikinig sa kung anong relihiyosong peke. Ang pinakikingan n’yo ay Katotohanan.” Si Kapitan Al Farrar. At noong sumunod na araw ay inakay ko siya sa Diyos, at tumanggap siya ng bautismo ng Espiritu Santo, doon sa asintahan ng baril, sa malaking gusali roon.

Sabi ko, “Marahil mangyari rin ’yun sa lalaking ito.”

Tapos sabi nung kabataang babae, “Natatakot ka ba na pumaroon?”

137 Sabi ko, “Natatakot? Aba, hindi nga. Tunay na hindi nga. Bakit ako matatakot samantalang ipinadala ako ng Diyos na gawin ito? Siya Mismo ang nakikipagbaka sa laban, hindi ako.” Kaya ang sabi ko, “Ngayon, nais ko kayong dalawa na umiwas lang.” At kaya . . .

138 Nagpunta kami roon sa pagtitipon nung gabing ’yun, punung-puno ng tao ang lugar. At ’yung katiwala roon ay lumabas, sabi, “Kapatid na Branham, nag-upa ako ng sampung Mehikanong bata.” Sabi, “Tingnan n’yo rito, ‘Si Kapatid na Branham ay ilalantad ngayong gabi ng FBI, bilang isang panatikong relihiyoso,’” o kung ano na parang ganoon. Tapos sabi, “Naroon ang mga ito sa bawat kotse roon. Lalabas. . .” Sabi, “nag-upa ako ng sampung maliliit na Mehikanong bata, tatawagin ko lang silang lahat at ipapupwesto rito.” Sabi, “Oh, pakiramdam ko nga kung mahahawakan ko lang ang lalaking ’yun!”

139 Sabi ko, “Huwag kang mag-alala, ginoo. Ang Diyos ang hahawak sa kanya.” Kita n’yo? Sabi ko, “Hayaan n’yo lang siya.”

140 Mangyari nga na nagpunta siya. At noong gabing ’yun noong pumasok na kami, hinding-hindi ko nga ito makakalimutan,

pagpasok sa silid. Ako... Si Kapatid na Baxter ay umawit ng *Only Believe*. Sabi niya, “Ngayon, sinasabi ni Kapatid na Branham na sa gabing ito’y lalabas tayo ng gusali.” Sabi, “Doon ako sa likuran at uupo.” Sabi niya, “Nakahanda silang ilantad siya ngayong gabi dito sa may entablado.” Sabi niya, “Nakita ko na siya sa maraming mahihirap na pakikibaka, at nasaksihan ang Diyos na humalili sa lugar niya.” Sabi, “Ako—ako’y pupuwesto sa likod para maupo.”

<sup>141</sup> Lumapit ako roon. Sabi ko, “Kababasa ko lang ng isang munting artikulo rito kung saan ako raw ay ilantad ngayong gabi sa entablado rito.” Sabi ko, “Nais kong ang mga ahente ng FBI ay lumapit na ngayon at ilantad ako rito sa entablado.” Sabi ko, “Nakatayo ako rito bilang pagtatanggol ko sa Ebanghelyo; nais kong pumarito kayo at ilantad ako.” Naghintay ako. Sabi ko, “Baka wala pa sila rito.” Alam ko kung nasaan ako. Ipinakita na ng Diyos sa akin sa loob ng silid ko roon, kung ano ang mangyayari, bago ako lumabas, kita n’yo. Tapos sabi ko, sabi ko, “Marahil maghihintay lang ako nang kaunti. Maaari ba tayong umawit ng isang himno?” At may pumaroon at umawit ng solo.

<sup>142</sup> Sabi ko, “G. Ahente ng FBI, nasa loob ka ba o nasa labas? Naghihintay lang ako para mailantad. Maaari ka bang pumunta na rito sa harap?” Walang pumunta. Iniisip ko nga kung nasaan ’yun. Sinabi na sa akin ng Panginoon kung ano ang mga ’yun. Dalawang tumalikod na mga mangangaral, at ako’y—ako’y nagmamasid. Nakakita ako ng itim na anino na nakapalaot sa sulok. Alam ko kung nasaan. Tumingin ako roon, at gumalaw ’yun at nagpunta roon sa balkonahe nang paganito. Isang lalaki na naka-asul na amerikana, ’yung isa’y naka-kulay abo.

<sup>143</sup> Sabi ko, “Mga kaibigan, walang FBI. Ano bang kinalaman ng FBI sa pangangaral ng Biblia?” Sabi ko, “Tunay ngang wala. Hindi sila dalawang ahente ng FBI na ilantad ako. Pero, heto ang paglalantad, hayan sila na nakaupo riyan, sila’y dalawang mangangaral na nandiyan.” At nagpadausdos sila para magtago. Sabi ko, “Huwag kayong magpadausdos nang paganyan.” Haya’t may dalawa kasing malalaking taga-Texas na pupuntahan sana sila’t hahablutin sila. Sabi ko, “Huwag, mga kapatid, hindi ito sa laman at dugo, maupo lang kayo nang tahimik. Ang Diyos ang bahala riyan.”

<sup>144</sup> Sabi ko, “Ngayon, mga kapatid, tingnan n’yo, habang nandiyan kayo, tumingin kayo sa gawi rito.” Sabi ko, “Kung... Sinabi n’yo na ako’y si Simon na salamangkero, sa ilalim ng salamangka, na sinasalamangka ko ang mga tao.” Sabi ko, “Kung ako’y si Simon na salamangkero, kung ganoon kayo’y lalaki ng Diyos. Ngayon pumarito kayo sa entablado rito. At kung ako si Simon na salamangkero, ay patayin nga ako ng Diyos. At kung ako naman ang propeta ng Diyos, pumarito kayo at hayaan n’yong patayin kayo ng Diyos. Ngayon makikita natin mismo kung sino ang tama at mali. Ngayon pumunta kayo rito.



Aawit tayo ng isang himno.” Lumabas nga sila ng gusali, at di na namin sila nakita pa mula noon. Kita n’yo? Sabi ko, “Halikayo. Kung ako’y si Simon na salamangkero, ay patayin nga ako ng Diyos. At kung ako’y propeta ng Diyos, kung ganoon papatayin kayo ng Diyos sa pagtapak n’yo rito sa entablado. Kung ako’y katotohanan sa harap ng Diyos, pahihintulutan ng Diyos na mamatay kayo sa ibabaw ng entabladong ito.” Alam nga nila ang ikabubuti. Hayan nga. Alam nila ang ikabubuti. Nabalitaan na nila mula sa ibang lugar. Ganoon nga. Kaya huwag kayong mag-isip ng anumang bagay na iba kundi ang Diyos ay Diyos pa rin. Siya’y tumutugon.

<sup>145</sup> Ngayon, itong mangkukulam ng Endor, tinawag niya ang espiritu ni Samuel. At nakipag-usap si Saul kay Samuel. Ngayon, iniisip n’yo marahil kung paano ’yun magagawa. Hindi na ’yun magagawa sa panahon ngayon. Hindi, na. Dahil, ang dugo ng mga baka’t mga kambing ay naghihintay pa noon ng panahon ng katuparan. Kapag namamatay ang tao noong mga panahon na ’yun. . . Mga mangangaral, katigan n’yo kung sa tingin n’yo Ito’y tama. Kapag ang isang tao’y namatay, namatay siya sa ilalim ng kabayaran-sala ng isang hayop, at ang kaluluwa niya’y nagtutungo sa Paraiso. At doon nga’y nananatili siya, hanggang sa—hanggang sa Araw ng Pagtutubos. At ang kaluluwa niya ay naroon.

<sup>146</sup> Hayaan n’yong guhitan ko kayo ng isang munting larawan dito. Ilan po ang nakabasa nung artikulo ko, o ’yung artikulo na isinulat nila tungkol sa akin sa *Reader’s Digest* dito, sa lathala nitong Oktubre, Nobyembre? Buweno. Napansin n’yo ba ang tungkol dun? Napansin n’yo ba, mga dalawa o tatlong linggo bago ’yun, itong kilalang midyum dito na sinubok na nang matagal na, siya, si Binibining Piper. Mayroon ba rito na nakabasa na roon, dun sa artikulo ni Binibining Piper sa *Reader’s Digest*? Kakatwa nga kung papaanong ang dalawang espiritu. . .

<sup>147</sup> Gaanong katagal na lang ang mayroon ako? Haya’t kakaunti na lang. Lampas dalawampu na ako, kaya mamadaliin ko na. Alam ko na mayroon pa kayong. . . Tingnan n’yo, paumanhin po pansumandali.

<sup>148</sup> Alam n’yo, may—may huwad. May totoo at may huwad sa lahat ng bagay. Kung aabutan ko kayo ng isang dolyar, at sasabihin ko, “Ito ba ay talagang isang dolyar?” At titingnan n’yo ito, kinakailangan na ito’y kamukhang-kamukha nung tunay na dolyar o kung hindi’y di kayo maniniwala rito. Tama ba? Kaya kinakailangan na ito’y mahusay na imitasyon mismo.

<sup>149</sup> At kung sinabi ni Jesus na ang dalawang espiritu sa huling mga araw ay magiging magkalapit na magkalapit hanggang sa dadayain nito ang mismong Hirang kung maaari, mga relihiyosong tao. Ngayon alalahanin n’yo. Ngayon, wala ngang

anuman diyan sa kanila na lumang mala-. . .po-. . .malamig, na pormal. Sa labas ay may anyo lang sila ng kabanalan, kita n'yo. Pero itong dalawang espiritu, ang tunay na mga espiritu, ay magiging malapit na malapit hanggang sa dayain nito ang mismong Hirang, ganoon nga na umiiral sila nang magkatabi sa huling mga araw. Hindi ba't sinabi 'yan ni Jesus? Sinabi nga Niya.

<sup>150</sup> Ngayon masdan n'yo, mga kaibigan, guguhit lang ako para sa inyo ng munting larawan dito. Nais kong tumuon kayo rito pansumandali. At ibigay n'yo sa akin ang buong atensyon n'yo, dahil bibigyan ko kayo ng isang talinghaga, at pagkatapos makikita n'yo ito.

<sup>151</sup> Ngayon, sa *Reader's Digest*, nailathala dun, nakatayo ako roon, dalawampu't pitong daang katao ang mayroon kami roon na naghihintay na maipanalangin, na nakatayo roon. Nabasa n'yo ang artikulo. At may lalaki na galing ng Canada, at may munting anak siya na lalaki na nanggaling na ng Mayos' at John Hopkins, malubhang sakit sa utak na dispigurado na 'yung munti niyang mga kamay nang *paganito*, at dispigurado 'yung mga binti nito sa ibaba. At ang sabi nila, "Wala nang kahit anong pag-oopera o anuman ang magagawa."

<sup>152</sup> Kaya pinabalik sa Canada. Sabi niya, "Hindi pa ako nawawalan ng pag-asa." Kumuha kayo nung Nobyembreng lathala ng *Reader's Digest*, at ang pamagat nun ay ang—ang—*Ang Himala kay Donny Morton*. At—at hayan nga na ang sabi, dun, na 'yung—na 'yung lalaki'y ang sabi niya, "Hindi pa ako nawawalan ng pag-asa, dahil may kakilala akong tagapagpagaling sa pamamagitan ng pagsampalataya na ang pangalan ay William Branham, na nagbunsod sa dalawa sa mga kaibigan ko na mga pipi't bingi na makapagsalita't makarinig."

<sup>153</sup> At tumawag sila't sinubukan nilang hanapin kung nasaan ako, sa—sa Amerika. At naroon ako noon sa Costa Mesa, California. At artikulo po 'yun, na kapag mababasa n'yo, maghanda po kayong maiyak. Madudurog ang puso n'yo. Kung papaanong dumaan siya sa bagyo ng niyebe, at lahat na ng kung anu-ano, kasama ang bata na 'yun! Ang sabi niya, "Mag-ingat ka, Donny." Sabi, "Ngayon, di pa tayo gapi." At 'yung munting bata nga'y di makangiti, halos, matindi ang pagdurusa niya. Sabi, "Hindi pa tayo gapi, hihiling tayo sa Diyos. Pupuntahan natin ang propeta ng Diyos at hihiling sa kanya."

<sup>154</sup> Pagkatapos ang nangyari'y sumuong sila sa niyebe. At sa huli'y nakababa sila roon, at kasama nila ang nanay, at wala silang sapat na pera para bumiyahе sa pamamagitan ng eroplano, kaya pinabalik nila ang nanay. At 'yung batang lalaki't 'yung tatay ay kinailangang sumakay ng bus, at grabe 'yung biyahe nila mula Winnipeg, Canada, papuntang Costa Mesa, California. At nakarating sila roon, na walang kapera-pera, at

nabanggit nung tatay 'yung tungkol sa pagpapalit ng munting mga lampin nung bata, munting bata na mga pito o walong taong gulang, na talagang ganap na walang kapaga-pagasa. At kung papaanong siya'y . . . wala ngang pagkakataon para makakain o kung ano, at ang sabi'y pinakikingan lang siya ng munting anak niyang lalaki na magsalita. At masasabi niya sa pamamagitan ng pagtingin nung mga mata nung bata, na sinusubukan niya—sinusubukan niyang ngumiti, alam n'yo. At alam niya na ang bata. . . Binabanggit niya sa bata 'yung iba't ibang tanawin na nakikita niya, sa ibayo ng Amerika.

155 At noong makarating sila roon, sa California, sinabi nila dun sa umaalalay sa mga biyahero, ang bagay na ipinunta nila para makita. Ang sabi nung lalaki, “Nagpunta kayo para sumaksi sa isang Makalangit na ano?” At malaking tandang pananong nga.

156 Hayan nga, maisip n'yo na kung ano ang masasabi ng Amerika ukol dito, kita n'yo. Kita n'yo, ganoon tayo, kita n'yo, “Napakatalino natin! Alam natin ang lahat ng bagay, alam n'yo, at di na kailangang sabihin pa sa atin ang anumang bagay. Naisulat nga natin ang lahat-lahat.” Kita n'yo?

157 Heto't, mangyari nga, “Isang Makalangit na ano? Nanggaling kayo mula pa Winnipeg, Canada?” Aba, iniisip nga nila na kalunus-lunos 'yun.

158 Paano man, nagpadala ang diyaryo ng—ng kotse at inihatid siya roon. Tapos ang sabi niya, noong makapila na sila, kung nasaan 'yun, ang sabi'y dalawampu't pitong daan daw ang naghihintay para maipanalangin. Pero ang sabi, noong makita nila ang dispiguradong, maliit-tingnan na batang lalaki, at 'yung kaawa-awang tatay na may suot na sumbrero, magaspang ang damit, ang sabi nga'y ang lahat ay nagbigay-daan at ibinigay sa kanya ang puwesto. Noong makarating na siya sa entablado. . .

159 Labag nga sa patakaran na makipagpalitan ng prayer card. Kinakailangan na pumunta mismo sa pagtitipon at kumuha ng sarili n'yong card. Kung mahuli kayo sa linya, na nakikipagpalitan ng prayer card sa kung sinuman, hindi tatanggapin 'yung prayer card. Kita n'yo? Dahil kinakailangan na pumunta kayo roon na maririnig n'yo ang mga dapat gagawin at kung paano 'yun matatanggap. Kinakailangan na kayo mismo. Hindi kayo maaaring kumuha para ibigay sa iba. Kinakailangan na kayo mismo ang kumuha, para mapakinggan mismo. Sasabihin kasi ng isang bigating tao, “Kung. . . Buweno, hindi ako naniniwala sa ganyang bagay. Pero, marahil kung paggalingin Niya ako, ako'y. . .” Kita n'yo? At kung ganong magdudulot nga 'yun ng kaguluhan sa entablado, kaya iniwasan nila 'yung bagay na ganoon bago makasampa roon.

160 Kaya noong magtungo na ang bata, o 'yung tatay sa ibabaw ng entablado, na pinauna ng mga tao, hiningi ni Billy ang prayer

card niya. Wala siya. Sabi, “Kung ganoon po pasensya na, ginoo.” Sabi, “Kinakailangan mong maghintay.”

<sup>161</sup> Ang sabi niya, “Sige po.” Sabi, “Maghihintay ako.” Sabi, “Hihintayin ko na lang ang oras ko gaya ng iba, kung ganoon.” Sabi, “Di ko po alam na kailangan ko palang gawin ‘yun.”

<sup>162</sup> At mangyari na may kinakausap ako noon, naulinigan ko lang. Nakita ko ‘yung tatay na umalis, tapos sabi ko, “Anong problema?”

Sabi ng anak ko, “Wala kasi siyang prayer card.”

Tapos may Bagay na nagsabi sa akin, “Pabalikin mo ang lalaki.”

<sup>163</sup> Kaya ang sabi ko, “Pabalikin mo siya.” At umakyat ‘yung tatay, at may mga luha na gumuguhit sa mukha niya, na kinakailangan ng ahit. At siya—siya nga’y lumakad papalapit, at heto ang sinabi ng *Reader’s Digest*. Kita n’yo? Hindi ako nagtanong ng anumang, bagkus tumingin lang nang direkt sa mukha ng bata, sinabi sa bata kung saan ito nanggaling, na nanggaling na ito sa Mayos’ Clinic, at lahat ng kung anu-ano pa na may kinalaman dun, kung gaano nang kalubha ang sakit nito, at lahat-lahat.

<sup>164</sup> At kaya nagsimulang maiyak nung tatay, at papaalis na. Tapos ang sabi’y pababa na siya ng entablado, at lumingon siya, sabi niya, “Tama po ‘yan ginoo.” Sabi niya, “Pero mabubuhay po ba ang anak ko?”

<sup>165</sup> Sabi ko, “Bagay ‘yan na di ko masasabi.” Sabi ko, “Sandali lang.” Nakakakita ako ng isang pangitain na lumitaw. Sabi ko, “Di mo mapapaniwalaan ito, dahil kapwa ang Mayos’ at Hopkins na ang nagsabi na hindi uubrang makapagsagawa ng pag-oopera sa utak na ‘yan, pero sasabihin ko sa ‘yo kung anong gagawin mo. Ikaw, bukas, lumakad ka lang kasama ang batang ito. Sa loob ng tatlong araw ay may makakasalubong ka na isang babae na itim ang buhok sa kalsada, at tatanungin ka ng babae kung anong suliranin sa bata na ‘yan. At pagkatapos may sasabihin siya sa ‘yo na isang munting doktor ng bayan sa dako rito na makapagsagawa ng pag-oopera, at di mo ‘yun mapapaniwalaan, dahil tumanggi na ang Mayos’ at ang sabi’y, ‘Imposibleng maisagawa pa ‘yun.’ Pero ‘yun lang ang tanging pagkakataon na mayroon ang anak mo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, ang habag ng Diyos at ang pag-oopera na ‘yun. Ngayon, kung naniniwala ka na ako’y Kanyang propeta ay humayo ka at gawin ang sinasabi ko sa ‘yo.” Gaya ng pagtatapal ng mga igos kay Hezekias, at kung ano pa.

Ang sabi nung lalaki, tumalikod na siya’t nagsabi, “Salamat po.” Lumakad na palayo.

166 Dalawang araw ang nakalipas o higit pa, at nasa kalsada siya isang araw, at may isang binibini na lumapit, sabi, “Ano bang problema sa anak mo?”

167 Sabi, “Mayroon po siyang isang—isang sakit sa utak.” At ikinukuwento nga niya nang paganoon. Tapos, buweno, naisip nila—naisip nila na malubha palang talaga, alam n’yo.

168 Pagkatapos ang sabi niya makalipas ang ilang minuto ay may bagay na nangyari. Ang sabi nung binibini, “Ginoo, may kakilala ako na makapagsasagawa ng pag-oopera na ’yan.”

169 Ang sabi niya, “Binibini, tingnan mo, ’yung Mayo Brothers nga’y sumuko na at sinabing di ito magagawa.” Sabi, “Isang lalaki sa dako rito ang nananalangin para rito, na ang pangalan ay Kapatid na Branham.” Sabi, “Nanalangin na siya para sa batang ito.” Sabi niya, “Sandali lang! Itim ang buhok, nakasuot ng kulay abong balabal.” Sabi, “Siya ’yung babaing ’yun.” Sabi, “Nasaan ang doktor na ’yun?” At sinabi niya sa kanya. Dinala niya roon ang bata at inoperahan ng doktor, gumaling ang bata.

170 Ngayon, ’yun nga’y nalathala sa *Reader’s Digest*, kita n’yo. At tinawagan ako ng Mayo Brothers para sa isang panayam ukol dun. Ang sabi, “Rev. Branham, anong ginawa mo sa bata?”

171 Sabi ko, “Wala. Ni hindi ko ’yun hinawakan. Sinabi ko lang ang bagay na sinabi sa akin ng Diyos na sabihin. Sinunod ’yun ng lalaki.”

172 Ngayon, ang kakatwa ngang bagay ukol dito, mga dalawang linggo pagkatapos nun, o dalawang linggo bago ’yun, o tatlo, sa *Reader’s Digest*, marahil isang buwan bago nun, ’yung artikulo ukol kay Miss Piper ay lumabas. Ngayon, siya’y isang tunay na mangkukulam, o isang midyum. Ngayon, may tunay nga, at may gumagaya-gaya lang. Sinusubaybayan nila ang babae na ’yun mula pa 1897. Lampas sandaan taong gulang na siya ngayon, sa New York, kapwa . . .bingi na parang haligi. Ang *Reader’s Digest*, kunin . . . sa pagkakaalam ko lumabas ’yun nang mga dalawang buwan o isang buwan bago ’yung sa akin; at mahahanap n’yo ’yun, sa simula ng taglagas. Mayroon si G. Baxter nun dito noong isang araw. Kung naisip ko ’yun, pinadala ko sana sa kanya . . . o kung alam ko sanang sasabihin ko ito, akin—akin sanang pinadala. Maibibigay ko nga sa inyo. At mga labingdalawa o labing-apat na pahina ’yun. Isa lang siyang simpleng maybahay. At bigla na lang siyang nawalan ng ulirat isang araw, habang may iniindang sakit, at nagsimula siyang makipag-usap sa patay. At nililibot nila ang babae na ’yun sa buong mundo, sa kung saan-saan. Dinala na nila siya sa Inglatera. Pinalitan ang mga damit niya, maraming beses, at para tingnan kung mamamali at ganoong mga bagay, tapos nagpunta sila roon at pinagbalat-kayo nila ang isang tao gamit ang maskara sa mukha, isang Griyego, at umakto na parang isang lalaking taga-Inglatera. At sinabi nung babae sa lalaki ang

lahat ng tungkol dito. At nais niyang—niyang—niyang ipatawag ang isa sa mga patay niyang kapares.

<sup>173</sup> Ngayon, ang tanging bagay na kanyang . . . Sa buong mundo, at heto ang *Reader's Digest* na sinasabi roon, dito mga ilang gabi ang nakararaan, o ilang buwan ang nakararaan, isa sa mga bagay na 'yun ay nalantad. Ipinapalagay na may lalaki na nagmano sa multong kamay ng kanyang nanay, at noong sumunod na araw ay napatunayan sa korte ng pulis na ang minanuhan lang pala niya'y manipis na telang pansala ng keso. Napakaraming tao ang gumagaya-gaya sa isang midyum! Nariyan nga ang ilang mumunting matatandang mambabasa na nakaupo sa gilid ng kalsada, na hindi naman talaga mga midyum kung tutuusin. Sila nga'y walang iba kundi mga pekeng manggagaya lang. Pero may totoong midyum.

<sup>174</sup> At tayong mga relihiyoso, mayroon din tayong napakaraming mga manggagaya sa kapwa panig. Ngayon maglumagi lang kayo pansumandali.

<sup>175</sup> Ngayon pansinin, si Binibining Piper ay isang tunay na midyum. At ang sabi ng magasin, "Heto ang isang bagay na sigurado, na, kapag ang isang tao'y mamatay, hindi siya patay. Nabubuhay lang siya sa ibang dako, dahil ang babae na 'yun ay nakakapagtawag ng kanilang espiritu pabalik at nakikipag-usap sa mga taong 'yun."

<sup>176</sup> "Ngayon, anong ginagawa niya, Kapatid na Branham? Naniniwala ka ba rito?" Siyanga, po. Sinasabi mismo ng Biblia, 'yan ang dahilan kung bakit naniniwala ako. At siya'y sa diyablo. Panlilinlang ng diyablo ang espirituwalismo. Ngayon pansinin, ngayon masdan n'yo ang dalawang ito.

<sup>177</sup> At heto nga na dapat n'yong makita 'yung mga liham na mabilis na ipinapadala sa akin, kung ganoon, noong sumunod 'yung artikulo ko pagkatapos nung sa kanya. Hindi ba't kakatwa, na bago mismo ang wakas ng panahon, sinalita ng Diyos ang mga bagay na ito? At ang *Reader's Digest* ay nilalathala sa bawat lingguwahe sa ilalim ng langit. Kita n'yo? Pansinin, hindi ba't kakatwa na magkasunuran lang ang mga ito sa isa't isa?

<sup>178</sup> Ngayon heto na ang mga liham na dumating, sabi, "Kapatid na Branham, pinapatunayan lang pala n'yan na wala ka't isa ka lang midyum." Sabi, "Patunay 'yan. Tingnan mo rito, sinabi mo sa babae na 'yun kung saan niya makikita . . . Na hanapin ang babaing ito?"

<sup>179</sup> Sabi ko, "Sandali lang." May opisyal na liham ako na inilabas, (pasensya na po), na ipapadala sa mga tao. Sabi ko, "Gaanong salat ang nalalaman n'yo na mga mangangaral." Sabi ko, "Sa halip na bautismuhan n'yo ang katawan n'yo, ang kailangan n'yong bautismuhan ay mga utak n'yo." Tama nga. "Hindi man lang kayo huminto pansumandali para pag-isipan

ang mga bagay-bagay. Ni hindi n'yo sinusubukang isaalang-alang ito."

<sup>180</sup> Ganyan na ganyan maging sa ibang panahon. Nakita nila mismo si Jesus. Alam nila na kaya Niyang. . . Natatalos Niya ang mga lihim sa kanilang puso. Talos Niya 'yung pinaggagagawa nila na ganoon. At sabi pa nila, "Siya ang pinuno ng mga diyablo. Siya'y ang Beelzebub, ang pinaka magaling na manghuhula ng kapalaran sa buong mundo." Ni hindi man lang sila huminto para pag-isipan 'yun, para tingnan na 'yun ang Anak ng Diyos. Hindi sila sapat na espirituwal para malaman ito. Ganoon nga, lampas-lampasan sa kanila. Tunay, na marapat lang na pumasok si Jesus sa Jerusalem, na nakasakay sa isang mola, at kung ano pa, pero nakatuon sila sa ikalawang Pagdating.

<sup>181</sup> At ganoon na ganoon sa panahon ngayon! Lampas-lampasan ang tingin nila sa tunay na bagay. Hallelujah! Ganoon nga. Alam ko na ang Diyos ay nandito, sa hapon na ito, at alam ko na masyado ko nang nakukuha ang oras n'yo, pero dapat n'yong makita ito, kaibigan. Kung di ko na kayo makikita pang muli, kinakailangan n'yong malaman kung ano ang mga demonyo, kinakailangan n'yong malaman kung ano ang Katotohanan at kamalian. At napakalapit nito sa isa't isa, kinakailangan n'yong maihiwalay ito.

<sup>182</sup> Ngayon alalahanin n'yo, hindi nga 'yun nasa labas doon, na para bang nasa gawing-gawi pa *rito* gaya ng mga Fariseo noon, o bagay na naroon sa gawing-gawi naman na *'yun*. Narito mismo 'yun sa may pintuan, napakalapit dito. Matyagan n'yo. Ngayon kung kukuha ako. . .

<sup>183</sup> Kunin natin ang dalawang kaso na ito. Kung kukuha ako at magbibigay sa inyo ng dolyar, ngayon, kung ang ibibigay ko sa inyo ay pekeng dolyar. Gagamit tayo ng talinghaga para makita n'yo ito. Ang unang-unang bagay na gagawin n'yo, kung kayo'y matalinong tao, kung kukunin n'yo 'yung dolyar at titingnan ito, ang unang-unang bagay, sasalatin n'yo ito at titingnan kung saan ba ito yari. Tama ba? Titingnan n'yo kung saan ito yari. Titingnan n'yo kung pasado ba. Ang isang tunay na dolyar ay di gawa sa papel-papel lang, gawa ito sa bahaging papel at seda, kita n'yo. At ang unang-una nga, kinakailangan n'yong tingnan ang halaga nito. Yan ang unang palatandaan.

<sup>184</sup> At ngayon dalhin natin ito rito sa panig na *ito*; at dalhin natin ang Panginoon sa panig naman na *ito*, na nakikipag-ugnay sa atin.

<sup>185</sup> Ngayon tingnan n'yo, ang unang-unang bagay na kinakailangan n'yong bigyang-pansin, ang lahat. . . Tingnan n'yo sa artikulo n'yo. Sa limampu't kung ilan pang taon na siya'y nanghuhula ng kapalaran, at tumatawag ng mga espiritu ng mga patay, hindi siya kailanman nagbanggit ng Diyos, Cristo,

Makalangit na kagalingan, pagpapalaya, Paghatol, o kung ano. Wala ngang ano kundi layaw at panloloko ang kalakip dun.

<sup>186</sup> Pero dito sa panig na *ito*, sa tuwina'y Diyos, Paghatol, Pagparito ni Jesus, Makalangit na pagpapagaling, kapangyarihan ng Diyos, pagpapalaya. Tingnan n'yo ang halaga nito. Hindi nga kayo makakakita ng mga manghuhula ng kapalaran at mga mangkukulam na nangangaral ng Ebanghelyo. Ano kayang problema sa mga taong ito? Grabe! Pansinin!

<sup>187</sup> At ang tunay na bagay na dapat gawin, kung nais n'yong malaman kung tunay na dolyar ba o hindi, kung kamukhang-kamukha talaga, ay kunin n'yo 'yung mga numero at ihambing sa pagawaan ng salapi. At kung may ganoong mga numero roon na tumutugma dun, may pilak na dolyar na naghihintay para dun. Tama ba?

<sup>188</sup> Buweno, hayan nga, kapatid, kunin n'yo ang ginawa nung babae at ihambing n'yo sa Biblia, makikita n'yo na tumutugma sa mangkukulam ng Endor.

<sup>189</sup> Tapos ihambing n'yo sa narito, masusumpungan n'yo, naroon 'yun sa Aklat dito sa Pagawaan, "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Tunay nga, Kanyang sariling gawa! Hindi siya nagpunta't nakipaglokohan at gumawa ng walang katuturan sa mga tao. Yun nga'y para sa mabuting maidudulot, para tulungan ang kung sino, na maiakay sila patungo sa Diyos. Amen! Hindi ko "inaamenan" ang sarili ko, kundi ang ibig sabihin ng *amen* ay "siya nawa." At ako'y . . . Sinasampalatayanan ko Ito. Alam ko na Katotohanan Ito.

<sup>190</sup> Ngayon pansinin, heto kayo. Ngayon, madalian na lang, dahil ayaw kong panatilihin kayo nang matagal pa.

<sup>191</sup> Heto, hayaan n'yong bigyan ko kayo ng munting pagsasalarawan dito, isang munting pagsasalarawan sa isip n'yo. Heto ang isang sapa na dumadaloy rito, pababa sa gawi mismo *rito*, na dumadaloy sa buhay. Ngayon masdan. Isa itong daluyan. Ituon n'yo ang buo n'yong pansin sa akin ngayon, para di n'yo ito mapalampas. Pababa sa gawi *rito*. Ngayon, sa munting daluyan na ito rito'y nakatira ang mga mortal, kayo at ako. Ngayon, doon, tingnan nga natin kung ano ito. Yun nga'y sambunton ng kalokohan at lahat na ng kung anu-ano, pero paminsan-minsan makakakita kayo ng liwanag. Makikita n'yo ang kaitiman at lansangan, na kalayawan at kung anu-anong pinaggagagawa, mga diyablo na lumulukob sa mga tao. Oh, kay iinam nilang manamit, naku, at disenteng-disente sa abot ng makakaya nila, mga pulidong mga iskolar, pero diyablo pa rin. Pero hayun nga may mga naipanganak na muli na nakaupo roon.

<sup>192</sup> Ngayon, ang mga taong ito sa daluyan na ito'y naiimpluwensyahan mula sa dalawang magkaibang panig. Ngayon, sa panig na ito na ang gawi'y *paganito*, mayroong



trinidad. At dito naman sa panig na ito na *paganito*, mayroong trinidad.

<sup>193</sup> Ngayon, kapag, ngayon unang-una nga rito, sa gawing *ito*, ay mga kaluluwa ng mga *di-tuwid*, na kapag namatay ang tao ay tumungo siya sa isang lugar na naghihintay ng kahatulan. Nagtungo si Jesus at nangaral sa kanila na mga kaluluwa na nasa bilangguan doon. Ang kasunod ay mga demonyo. Ang kasunod, ay ang diyablo sa impyerno. Pataas, ang una, ngayon, sila na naroon ay mga espiritu, mga espiritu ng mga patay na tao na di nagsisi. Naghihintay sila ng Paghatol. Ang tanging bagay na alam nila ay kahangalan at bagay na nagawa nila.

<sup>194</sup> Ngayon, dito sa itaas, ang mga Cristianong ito ay naiimpluwensyahan ng Itaas. Talinghaga po ito. Sa itaas dito ay ibang Espiritu, ang Espiritu Santo, ang Espiritu ng isang Tao, na si Cristo Jesus. Ang Espiritu Santo, iniimpluwensyahan ng Espiritu Santo ang Kanyang Iglesya sa dako na ito ng mga mortal.

<sup>195</sup> Ang diyablo, sa pamamagitan ng mga espiritong *ito*, ay iniimpluwensyahan ang tao. Ngayon, tingnan n'yo, ang kasunod ay mga Anghel. Ang kasunod ay Diyos. Ngayon, bawat mortal dito'y naiimpluwensyahan ng isa sa mga daigdig na ito. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

<sup>196</sup> Ngayon anong ginawa nung babae na 'yun, tumagos siya sa dako na 'yun. At nakikipag-usap siya sa mga taong inaalihan ng demonyo na, sa simula, ay mga espiritu ng mga bumagsak na anghel na mga hindi nagsisi noon sa pasimula, at hinayaan ang kanilang sarili na maalihan nila. At naghihintay sila ng Paghatol.

<sup>197</sup> At *sila* naman dito ay naimpluwensyahan at naipanganak muli sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos. At ang diyablo'y may mga propetang sarili, at ang Diyos ay mayroon ding Sarili. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Impluwensya ito, at hayan nga tayo. Huminto para ihiwalay. Si Jesus, noong narito Siya sa lupa . . .

<sup>198</sup> Ngayon, sa panahon ngayon, hindi na siya makalalagos sa dako na 'yun at maipapalabas ang matuwid na tao mula sa dako na 'yun. Hindi na niya magagawa, dahil ang mga taong matuwid ay wala na sa dako kung nasaan sila noon, sa Paraiso. Wala, na. Wala na ang Paraiso, noong inalis na 'yun ng Dugo ni Jesus. Tingnan n'yo rito. Grabe!

<sup>199</sup> Hayan nga na naiisip ko kung papaano si Jesus, noong namatay Siya, nagtungo Siya't nangaral sa mga kaluluwa na nasa bilangguan. Namatay Siya, na isang makasalanan, na di nakakaalam ng kasalanan, pero sa kabila nun ay nakaatang sa Kanya ang ating pagkakasala. At ang Diyos, dahil sa nakaatang na mga kasalanan sa Kanya, ipinadala Siya sa impyerno.

Ang sabi ng Biblia, “Nagtungo Siya roon at nangaral sa mga kaluluwa.”

<sup>200</sup> Sinasabi ng iba, “Kapatid na Branham, hindi ko ’yun maunawaan.” Sabi, “Bumangon si Jesus sa ikatlong araw. Namatay Siya ng Biyernes ng hapon at bumangon ng Linggo ng umaga, bakit, patay lang Siya ng isang araw.”

<sup>201</sup> Ang sabi Niya, “Sa loob ng panahon na ’yan,” dahil may isang Kasulatan Siya sa Biblia, na Kanyang matatayuan. Dahil nga, si David, na isang lalaking tumalikod paglaon, pero siya’y ligtas, anupa’t isang propeta sa ilalim ng inspirasyon ng Diyos, ang may sabi, “Di Ko iiwan ang Kanyang kaluluwa sa impyerno, ni titiisin ang Aking Banal na Yaon na makakita ng kabulukan.” At alam niya, na sa tatlong araw at gabi, ang katawan na ’yun ay tutungo sa kabulukan. At sinabi na ng Diyos sa propeta, “Hindi Siya makakakita ng kabulukan.” . . .? . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

Hallelujah! Pinanghawakan Niya ang Salita ng Diyos. Kanyang ginapi si Satanas, sa tuwina, ukol Dito. Kanyang ginapi ang kamatayan, ukol sa Salita ng Diyos. Hallelujah! Kanyang ginapi ang kamatayan. At noong patayin nila Siya, at namatay Siya, na isang makasalanan, na ang aking mga pagkakasala at inyong mga pagkakasala ay iniatang sa Kanya, nagtungo Siya sa ibaba, nakikinita ko Siya na kumakatok sa pinto roon.

At ’yung mga ligaw na kaluluwa’y lumabas dun at nagsabi, “Buweno, Sino Ka?”

<sup>202</sup> Ang sabi Niya, “Bakit di kayo nakinig kay Enoc? Bakit di kayo nakinig sa iba pang mga propeta na nagsipangaral?” Sila’y mga hinatulan. “Ako ang Anak ng Diyos na minsang nabuhay. Aking. . . Ang Dugo Ko’y nabubo. Pumarito Ako para sabihin sa inyo, Aking natupad, ang bagay na sinabi ng mga propeta na gagawin Ko.” Patugaygay mismo lampas sa mga demonyo, diretso sa impyerno, na kinuha sa diyablo ang mga susi ng kamatayan at impyerno, isinabit sa Kanyang tagiliran, at nagsimulang umakyat. Hallelujah!

<sup>203</sup> Papisimula na noon ang umaga. Hallelujah! Gumuhit tayo ng isang munting larawan dito. Umagang-umaga nun, may isa pang grupo na naroon sa Paraiso. Pero wala na sila dun ngayon.

<sup>204</sup> Ngayon, kayo na mga bigatin kong kaibigang Katoliko na naniniwala sa pamamagitan ng mga santo. Kung nakikipag-usap ka sa isang santo na nasa loob ng inyong simbahan, ang taong ’yun ay makasalanan, nasa impyerno siya, o—o naghihintay sa ibayo para sa kanyang kahatulan. At kung siya’y isang banal, siya’y nasa kaluwalhatian ng Diyos at di makakabalik. Ganoon nga. Mapapatunayan ko ’yan. Hindi maaalis ng dugo ng mga baka ang kasalanan, bagkus ang Dugo ni Jesus ay makapaghihiwalay ng mga kasalanan.

205 Nakikinita ko si Jesus na dumadako roon, sa Paraiso, kung saan naroon sina Abraham, Isaac at Jacob, at naroon sila, sina Samuel at lahat ng iba pa roon. Nauulinigan ko Siya na kumakatok sa pinto. [Kumakatok si Kapatid na Branham sa pulpito—Pat.] Amen! Oh, gustung-gusto ko ito. Ako ngayon ay . . . pakiramdam ko’y napupuspos ako ngayon. Nakikinita ko Siya na tumatanaw roon. Nauulinigan ko siya na nagsasabi, “Sino ’yan? Sino Bang nandiyan?” Sabi niya, “Ako, si Abraham itong nagsasalita. Sino ba Yan?”

206 “Ako ang Binhi ni Abraham.” Amen. Nakikinita ko si Abraham na pumunta roon sa may pinto, binuksan ang pinto. Ang sabi Niya, “Ako ang Binhi ni Abraham.”

Sabi ni Daniel, “Tingnan n’yo roon! Yun ang Bato na nakita kong natapyas mula sa Bundok.”

207 Nauulinigan ko si Ezekiel na nagsasabi, “Hayun Siya! Nakita ko Siya noon, na parang may alikabok sa ilalim ng Kanyang paanan, sumasalimbay ang mga ulap, noong ang mga lalaking tupa . . . ipinapalakpak ang kanilang mga kamay, ang mga dahon, at lahat ng mga ito’y sumisigaw.” Oh, nakikinita ko ang iba pa dun sa Paraiso, na naghihintay sa Kanya.

208 Nauulinigan ko Siya na para bang sinasabi, “Halina kayo! Nagbubukang-liwayway na sa Jerusalem. Kinakailangan na nating umalis dito. Aakyat tayo, dahil umasa kayo sa dugo ng mga baka’t mga kambing, na naghihintay sa panahon ng Aking Dugo. Anupa’t ang Dugo Ko’y nabubo roon sa Kalbaryo. Ako ang nagsalaman na Anak ng Diyos. Lahat ng kasalanang utang ay nabayaran na. Lalarga na tayo!” Hallelujah! Luwalhatiin ang Diyos!

209 Nakikinita ko si Abraham na hinawakan si Sarah sa bisig, at heto sila na palarga na, palabas! Sa Mateo 27, noong lumantad siya, nauulinigan ko sila na huminto muna pansumandali sa palibot ng Jerusalem doon. At malalaman n’yo na lang, nakikinita ko si Caifas at sila na nakatayo roon sa lansangan, na sinasabi, “Sinasabi nila sa akin na ang lalaking ’yun ay bumangon. Sige’t, sino nga ba ang lalaking ’yun dun; ’yung kabataang ’yun, ’yung kabataang babae?”

210 Hindi na matanda; sina Abraham ’yun at Sarah. At naglaho sila. Tumingin sila, “May nakakakita sa atin.” Magagawa nga nilang maglaho gaya Niya na tumagos sa pader, parehong uri ng katawan. Hallelujah! Tama. Heto silang lahat na mga propeta at sila, na naglalakad, tumitingin-tingin sa palibot ng bayan.

211 At nangunguna si Jesus sa pag-akyat dun, o dun sa ibabaw ng mga bituwin, buwan, mga ulap, at dinala Niyang bihag ang pagkabiha, nagbigay ng mga kaloob sa mga tao. Nakaupo si Jesus ngayon sa kanan ng Ama, umakyat dun, naupo, hanggang sa ang lahat ng Kanyang mga kaaway ay ginawang tuntungan ng Kanyang paa.

212 At ngayon, minamahal kong Cristianong kaibigan, kabikabila ang pagkilos ng mga demonyo. At kumikilos din ang Espiritu ng Diyos, sa kabilang panig, para labanan 'yun sa tuwina. Hallelujah! Hayan nga. Dinedeklara 'yun mismo ng mga pahayagan at mga babasahin. Nakabantay sila rito. Di lang nila makita kung ano ito. Ano ito? Isa itong paunang pagpapakilala ng dakilang pagtutuos na malapit nang dumating, sa pagitan ng Diyos at ng diyablo. Kaya dumako na kayo sa panig ng Diyos at maging wasto sa inyong puso. Amen.

213 Dito di pa katagalan noong ako'y nasa Toledo, Ohio, na may idinaraos na pagtitipon. Papatapos na po ako.

214 Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin tungkol sa mga demonyo? Kumikilos sila. Sila'y lubos na relihiyoso, talagang relihiyoso! Oh, nagsisimba sila kada Linggo, inusual ang Credo de los Apostoles, at umaawit ng Doxology. Oh, grabe, talagang relihiyoso sa abot ng makakaya nila!

“Kapatid na Branham, sinasabi mo ba na 'yan ang Katotohanan?”

215 Yun ang uri ng espiritu na ibinayubay si Jesus Cristo sa krus. Haya't ang sabi ni Jesus, “Kayo'y sa inyong ama, na diyablo.”

216 Ngayon may ilan sa kanila na nagsasabing, “Oh, ang Rusya ang anticristo.” Hindi kailanman! Hindi ang Rusya ang anticristo. Ang anticristo nga'y magiging napakarelihiyoso na madadaya nito ang mismong Hirang kung maaari.

Alalahanin n'yo, kinukuha ng Diyos ang Kanyang tao, pero hindi ang Kanyang Espiritu. Kinukuha ng diyablo ang kanyang tao, pero hindi ang kanyang espiritu. Ngayon, hayan nga. Gawin n'yo ang dapat n'yong gawin. Responsable lang ako sa Katotohanan.

217 Mga diyablo, na kumikilos! Kahapon, natalakay ko ang mga ito sa pisikal na kalagayan. Ngayon, ipinapakita ko sa inyo sa espirituwal na dako, kung saan naroon sila sa dako ng relihiyon. Kung saan naglipana sila sa labas, na tinatawag na kanser, at tinatawag nila na *ganito*, *ganoon*, at *iba pa*, pero napatunayan ko sa inyo, sa pamamagitan ng Biblia, na sila'y mga diyablo. Ngayon, dito, sa panahon ngayon, heto silang muli sa dako ng relihiyon, napaka relihiyoso, napaka maka-Diyos.

218 Kung sisimulan n'yo, kapatid, at bubulayin. Si Cain, sa mismong simula nito, siya'y isang napaka relihiyosong lalaki talaga. Si Esau ay isang napaka relihiyosong lalaki. Si Judas ay isang napaka relihiyosong lalaki. Ito'y relihiyon. Hindi ito sanlibutan sa labas. Ito'y nasa mismong mga hanay. Bantayan n'yo 'yang, demonolohiya! Marahil sa mga susunod, sa susunod na pagkakataon, matatalakay ko pa ito nang kaunti pa. Atrasado na kasi tayo.

219 Huwag n'yong kondenahin ang sinuman. Ibigin n'yo ang bawat isa. Kung di kayo makaibig mula sa puso n'yo, kung ganoon si Cristo'y wala sa inyo.

220 Doon sa Toledo, Ohio, nagpunta ako sa isang maliit na restawran. Kumakain ako sa isang puwesto dun, isang munting Dunkard na puwesto, isang munting kaaya-ayang kainan. Mababait sila roon. Noong hapon na 'yun sarado sila, para dumalo sa Sunday school. At noong sarado sila, kinakailangan kong tumawid ng kalsada, magpunta sa isang makasanlibutan na munting lumang puwesto, at pumasok ako dun. Haya't alam ko na ilegal magsugal sa Ohio. At hetong nakatayo ang isang pulis ng estado na ang bisig niya ay nakaakbay sa isang babae, 'yung kamay niya'y nakalaylay sa may dibdib nung babae, habang naglalaro ng slot machine. Ang batas ng ating estado't bansa, balewala na. Nakakaawa!

221 Nagtitiwala ako kay Cristo ang matatag na Bato, kung saan ako ay nakatayo, lahat ng iba pang tayo ay buhanging gumuguho. Walang iba ang matitira. Tama.

222 Tumingin ako roon, at may magandang kabataang binibini roon, marahil nasa disi ang edad, disi nuwebe, disi otso, disi nuwebe ang edad. At ang ginagawa ang nila roon, 'yung mga kabataang lalaki roon sa palibot ng mesa, kasuklam-suklam nga. Naupo ako roon. At ngayon di ko inaasahan, may nakaupo sa banda roon kung saan lumapit ang isang binibini, sabi, "Gusto mo ba ng mauupuan?"

Sabi ko, "Salamat. Gusto ko ng almusal."

223 At nakaupo roon sa isang upuan, hayan nga ang isang matandang ginang, na kasing tanda ng nanay ko, limampu't lima, limampu't walong taong gulang. Nakasuot siya nung munting pares ng makasanlibutang damit na isinusuot nila.

224 Sinasabi nila na presko raw kasi 'yun. Sinasabi ng siyensiya, "Kalokohan." Tunay nga, na hindi. Gusto n'yo lang ipakita ang kahubaran n'yo. Kahihyan 'yun, bagay na dapat ikahiya. Hinding-hindi 'yan susuotin ng isang binibini. Susuotin marahil ng isang babae, pero di kailanman ng isang binibini.

225 At pagkatapos, hayan nga na kanilang...naron siya, nakaupo roon. Yung matanda niyang laman ay laylay na. Nakaparang orkidyang-tingnan na manikyur siya, kung ano man ang tawag n'yo dun, sa kanyang mga labi. At 'yung munting gupit ng buhok ay parang sa isang lalaki, na gulo-gulo; na ang sabi ng Biblia, ay isang kahihyan. At ang isang babae, na ang isang lalaki...

226 Sinasabi ng Biblia, kung gugupitan ng babae ang kanyang buhok, ang lalaki'y may karapatan na idiborsyo siya, dahil di siya tapat sa kanya. Kinakailangan nga nating tindigan at ipangaral ang Biblia rito isa sa mga araw na ito. Sabi, "Kung gugupitan niya ang kanyang buhok, sinisira niya ang dangal ng

kanyang asawang lalaki.” Kung siya’y walang-puri, kailangan siyang hiwalayan. Hindi kayo maaaring makapag-asawa ng isa uli, pero maaari n’yo siyang hiwalayan. Whew! Grabe, ’yun, ’yun nga’y matigas, nararamdaman ko. Pero ’yun ang Katotohanan.

<sup>227</sup> Oh, dati-rati, mayroon tayo nun sa mga dako ng Espiritu Santo, pero ibinaba natin ang ating mga pamantayan. Dati-rati sinasabi ng isang matandang kapatid, “Ibinaba natin ang mga pamantayan, ibinaba natin ang mga pamantayan, nakipagkompromiso tayo sa kasalanan. Ibinaba natin ang mga pamantayan, napabayaang lumabas ang mga tupa, pero papaano nakapasok ang mga kambing?” Ibinaba n’yo nga ang mga pamantayan. Yun ang nangyari. Ibinaba n’yo ang mga pamantayan, na ang sanlibutan at iglesya’y naghalo-halo. Gaya ng mga taga-Moab at iba pa, at ni Balaam, at kung papaanong nag-asawa siya sa kalagitnaan nila, ganyan na ganyan mismo ang nangyayari sa panahon ngayon. At salaulang-salaula na mismo ang iglesya, at ang kapanahunan ng Pentecostal ay ang kapanahunang Laodicea, na nagiging sala-sa-init sala-salamig, at iniluwa mula sa bibig ng Diyos. At mula sa buong kalipunan na ’yan, tinawag ng Diyos ang Kanyang mga nalalabi, dadalhin Siya sa Tahanan, ganoon mismo, ganoon nga, dadaan sa pagkabuhay na mag-uli.

<sup>228</sup> At naroon nga ang babae, na nakaupo roon, may manikyur na panlabi sa buo niyang mukha, at buong-buo mismo. At may kung anong itim na bagay siya sa ibabaw ng mata niya, at pinapawisan siya, at tumutulo ’yun. At ang kaawa-awa ngang matandang babae’y marahil may mga apo na sa tuhod. At nakaupo siya roon kasama ang dalawang matandang lalaki, at ’yung isa sa kanila’y may malaking lumang bandana na nakapalibot sa kanyang leeg, at Hunyo nito noon, nakaupo roon. At tumayo ang lalaki, at medyo nakainom, at ’yung babae’y nakainom, din. At patingin-tingin sa paligid ’yung babae.

<sup>229</sup> Sa isip-isip ko, “Oh Diyos! Diyos, bakit di Mo na lang burahin ang bagay na ito sa mapa? Bakit di Mo gawin? Ang munti ko bang si Sharon. . . Ang munting kong anak na babae, ang munti kong Sharon at munti kong Rebekah ay tatanda sa henerasyon na ganyan, na ganitong mga bagay-bagay ang kakaharapin?” Sa isip-isip ko, “Hayan nga’t makikita sa mga liwasan at mga bagay-bagay, at kung anu-ano na ang nangyayari.” Sa isip-isip ko, “Oh Diyos! Oh, ikinapapanatag ko na kinuha Mo na si Sharon kung ’yun nga ang kalooban Mo. Ang munti ko bang Rebekah at munting—munting Sarah ay tatanda sa ilalim ng ganitong bagay?” Na, at ’yung mga tao’y tinatawag sila. . . umaawit sa koro at lahat na. At sa isip-isip ko, “Hindi ba’t kahiya-hiya?” Sa isip-isip ko, “Diyos, papaanong naaatim ito ng Iyong Banal na katuwiran? Mukha ngang bubulusok ang Iyong matuwid na galit sa dako rito at—at pasasambulatin ang buong lugar na ito.”

<sup>230</sup> At narinig ko ang Anghel ng Panginoon, na nagsabi, “Magpunta ka rito sa tabi.” Lumakad ako roon. At noong matapos na Siya sa akin, pakiramdam ko nga’y ibang-iba na akong tao. “Anong dahilan at kinokondena mo ang babae?”

Sabi ko, “Kung titingnan kasi, ’yung itsura niya.” At heto ang Kanyang. . .

<sup>231</sup> Nakakita ako ng isang pangitain. Nakita ko ang isang mundo na parang *paganito*, bilog, ibang mundo. Pero itong mundo *rito*, may bahaghari sa palibot nito, at ’yun ’yung Dugo ni Cristo na proteksyon sa galit ng Diyos. Hindi nga Niya maatim na tumingin dun, Kanya—Kanyang gugunawin ang bagay na ’yun mismo, dahil sinabi Niya, “Sa araw na kinain ninyo yaon, ’yun ang araw na kayo’y mamamatay.” Kaya gagawin at gagawin Niya.

<sup>232</sup> Tapos naisip ko ’yung ganito. Nakita ko ang sarili ko. Gayong di ko ginagawa ’yung ganoon, pero haya’t isa akong makasalan, ano’t anuman. At pagkatapos kumikilos ’yung Dugo ni Jesus Cristo sa atin na parang isang panangga. Kita n’yo? Na, kapag ako’y nagkasala, ’yung mga pagkakasala ko’y tumatama sa Kanya at bumabangga sa Kanyang kalugud-lugod na ulo, at nakikita ko ’yung mga luha’t Dugo na tumutulo. “Patawarin Mo siya, Ama, hindi niya alam ang ginagawa niya.” At pagkatapos may gagawin akong iba tapos tatamaan na naman Ito. “Patawarin Mo siya, Ama.”

<sup>233</sup> Kapag ’yun nga’y lumampas sa Kanya, ako’y malilipol. At kung di ko tinatanggap ang Kanyang biyaya, at ang araw na ang kaluluwa ko’y sumalimbay na sa ibayo roon, haya’t ako’y nahatulan na. Akin kasing tinanggihan. Wala nang natitira pa kundi paghatol. Nahatulan, ako’y nahatulan na. Ang sabi ng Diyos, “Sa araw na kainin ninyo yaon, ay ang araw na kayo’y mamamatay.” Doon mismo’y nahatulan na kayo. Ito ang luklukan ng paghatol sa hapon na ito, ukol sa inyong pakikitungo kay Cristo.

<sup>234</sup> At pagkatapos sa isip-isip ko, “Oo, tama.” At nakita ko isang araw na gumapang ako patungo sa Kanya. Nakita ko ang lumang aklat ko roon, na isang makasalan, naroon ang lahat na nakasulat sa loob nun. Nakita ko ang mga kasalanan ko ang may gawa nun, at ang sabi ko, “Panginoon, maaari Mo ba akong patawarin?”

<sup>235</sup> Idinaiti ang Kanyang kamay sa Kanyang tagiliran, kumuha ng kaunting Dugo, isinulat sa ibabaw nun, na ang nakalagay, “Pinatawad na.” Itinapon sa dagat ng pagkalimot, para di na kailanman alalahanin pa. Yun nga’y wala na kailanman! Ang sabi Niya, “Pinatatawad Kita, pero kinokondena mo ang babae.”

Nabago nun ang pananaw ko. Sabi ko, “Panginoon, mahabag Ka po.”

236 Matapos kong lumabas sa pangitain, lumapit ako roon at naupo. Sabi ko, “Kumusta po kayo, ma’am?”

Sabi niya, “Oh, kumusta.”

237 Tapos sabi ko, “Kung ipagpapaumanhin n’yo,” sabi ko, “ako po si Rev. Branham, isang ministro.”

Sabi niya, “Oh, ipagpaumanhin mo. Ipagpaumanhin mo, Rev. Branham.”

238 Sabi ko, “Ginang,” ikinuwento ko sa kanya ‘yung nangyari, sabi ko, “Nakatayo ako roon, at kinokondena kita, at iniisip, ‘Kalunus-lunos na bagay naman ito!’ Marahil may mga anak ka.”

Sabi niya, “Mayroon ako.”

239 Sabi ko, “Ano bang dahilan at naligaw ka sa landas?” Sinimulan niyang ikuwento sa akin na talagang hahapak ng puso ninuman. Sabi ko, “Akin—akin ngang hiniling sa Diyos kung bakit di pa Niya kalaykayin ang mundo. Heto, ikaw na kasama ang dalawang lasing na lalaki, at ikaw nga’y lasing, din.” Tapos sabi ko, “Darating ‘yung araw... Ang Dugo na ‘yun ay pumipigil sa galit ng Diyos na tumama sa’yo. Pero mamamatay ka isa sa mga araw na ito. At, heto nga, ikaw—ikaw ay may kalayaan na makapili ngayon, maaari kang tumanggi o tumanggap.” Sabi ko, “Pero darating ‘yung araw na ang kaluluwa mo ay tutungo na roon, kung saan wala nang natitirang habag. At kung mamamatay ka sa mga kasalanan mo, nahatulan ka na, at pupunta ka sa impyerno.”

240 Alam n’yo ba? Yung babaing ‘yun ay tumayo sa kinauupuan niya sa restawran. Nagdaos kami ng isang pagtitipon para sa panalangin na hindi n’yo pa narinig sa buong buhay n’yo, at dumulog siya kay Cristo. Ano ‘yun? Huwag n’yo silang kondenahin; ipamalita n’yo sa kanila ang Ebanghelyo. Sila’y inaalihan ng demonyo; sila’y mga mortal sa dakong ito. Sila’y naiimpluwensyahan mula rito. Ang impluwensya naman natin ay mula sa itaas. Tingnan natin kung anong magagawa natin sa ating mga talento, para makaakay ng iba patungo kay Cristo.


241 Makalangit naming Ama, pinasasalamatan Ka namin dahil sa Iyong kabutihan at habag. Humihingi ako ng tawad, Panginoon; marahil, ang mga tao, sila’y napatagal ko rito nang mahaba. Pero yamang papatapos na ang mga panghapon na mga pagtitipon na gaya nito, nais ko lamang isaysay sa kanila, “ang mga demonyo,” at masyado kong napagputol-putol ito sa isang bahagi, sa isang pangangaral, pero marahil ay kapulutan nila ito, dito at doon, at maunawaan ang ibig kong sabihin. Batid Mo po ang mga layunin ng aking puso, sa paghahatid nito.

242 Nawa sa pag-uwi ng mga tao mula rito sa hapon na ito, haya’t ang kalalakihan at kababaihan ay bantayan ang bawat galaw na gagawin nila, pero mamuhay nawa sila nang masaya



at malaya. Nawa mabatid nila na iniligtas na sila ng Diyos. At nawa tumuon sila sa Kanya, na kalimutan na ang lahat ng mga ismo't mga bagay-bagay na nasa paligid nila, at mamuhay nang payapa at mahinahon, at may takot sa Diyos. At pagkatapos, Diyos, kung Iyo pong gagamitin sila para sa kung ano man, Ikaw po'y makipag-usap sa kanila nang direkta at ipadala sila saanmang dako na nais Mo na sila'y pumunta o anumang bagay na nais Mo na kanilang gawin. Nawa ang mga tao'y maging mapagpakumbaba at masumpungan si Cristo sa kanilang puso. Patawarin Mo po kami, Panginoon, sa aming mga pagkukulang, ang bawat isa sa amin.

<sup>243</sup> At batid namin na—na si Satanas ay naglilimayon na parang isang umaatungal na leon, sa kung saan-saan, na nananakmal hangga't nais niya, na nakasuot ng mga pangrelihiyong balabal. Oh Diyos, ang kaawa-awang mga bata na ito, natatanaw ko nga sila, sa lahat ng dako. Sila'y bukas na bukas at lantad na lantad sa mga tao. Kaya't dalangin ko po sa Iyo, Diyos, na kahabagan sila, at iligtas silang mga naliligaw, pagalingin ang mga maysakit. At, Diyos, napagtatanto namin na ang mga matatandang diyablo na ito ng sakit na dumadapo sa Iyong mga anak, haya't mayroon Kang isang kabayaran na nasa ibayo, para asikasuhin ito. At ang lahat po ng mga diyablo na nagbubunsod sa kanila na magkasala, mayroon Ka pong kabayaran na naroon sa ibayo, na aasikaso rito. At dalangin ko na Iyo pong ipagkaloob ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Iniisip ko kung may . . . 

53-0609A Demonolohiya—Relihiyon na Kalagayan  
Roberts Park Amphitheater  
Connersville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

[www.branham.org](http://www.branham.org)